

# MAGMAKAHIYA



Salamat, Kapatid na Neville. Pagpalain ka!

Magandang umaga, mga kaibigan. Napaka inam nga na makaparito sa umagang ito. At sa tingin ko nga'y para bang ako'y. . . Bigla na lang po akong pumasok sa oras ni Kapatid na Neville. Nakaupo nga siya dun sa likod hawak 'yung kanyang, inaayos niya 'yung teksto niya; pagkatapos pumasok ako, tapos sininop niya 'yung teksto niya, at sabi, "Buweno. . ."

<sup>2</sup> Naalala ko nga rito 'yung ilang mga taon na ang nakalipas. May itim na kapatid tayo rito noon, ang pangalan ay Kapatid na lalaking Smith, at Kapatid na babaing Cross. Mabubuting kaibigan ko sila. At nung pumasok ako noon sa loob ng gusali't gabi noon, 'yung matandang lalaki po na dating. . . May puting bigote siya. Di ko lang alam kung may nakakaalala pa sa inyo sa kanya, o hindi na. At nasa ibabaw siya ng entablado, alam n'yo. At lahat sila dun ay magsisiawitan ng, "It's A Highway To Heaven." At si Kapatid na Smith, nakaupo siya nang *paganito*, alam n'yo. At sa puntong 'yun pumasok ako sa likurang pinto.

<sup>3</sup> May maliit na batang babae noon, may pagkaitim ang balat niya, lagi siyang nauupo dun sa sulok. Ipinapalakpak-palakpak niya ang mga kamay niya, sinasabi, "Lift Him up," 'yung awit na 'yun, alam n'yo. Nilapatan nila 'yun ng sarili nilang areglo, alam n'yo. At dun nga sa isang sulok, may isa pa, na magsasabi, sasagot dun, "Lift Him up." Buweno, 'yun nga ang inaawit nila nung pumasok na ako sa may pinto. Kinalulugdan ko talaga 'yung mga taong 'yun dun.

<sup>4</sup> At heto na nga si Kapatid na Smith na nakaupo sa likod, na medyo, alam n'yo, haya't may pagkatahimik siya na tao. Sabi niya, "Tuloy po kayo, elder, papagpahingahin mo muna 'yang sumbrero mo." hindi nga "papagpahingahin mo muna 'yang sarili mo"; "papagpahingahin mo muna 'yang sumbrero mo," kita n'yo. "Tuloy po kayo, elder, papagpahingahin mo muna 'yang sumbrero mo." Tapos tumayo na siya dun, at, masasabi ko na agad sa entrada ng pagsasalita niya, na ako ang sasalang, kita n'yo.

<sup>5</sup> Sabi niya, "Buweno," sabi niya, "mga anak, alam n'yo," sabi niya, "Ako—ako'y nakaupo dun at iniisip ko, 'Panginoon, ano pong ibibigay Mo sa akin para ipangusap?'" Sabi "Kanya—Kanya—Kanya ngang iniling ang Kanyang ulo, iniling ang Kanyang ulo sa akin. 'Hindi Kita bibigyan ng ipapangusap.'" Sabi, sabi niya, "Nakita ko si Elder Branham na pumasok sa likuran dun, at sabi ko, ngayon, 'Panginoon, bigla ko ngang naisip. . .'" Buweno, ako nga talaga ang sasalang!

<sup>6</sup> Kapatid na George Wright, kumusta po kayo, kapatid? [Sinasabi ni Kapatid na Wright, “Oh, mabuti. Salamat.”—Pat.] Pagpalain ka, Kapatid na Wright! Siyanga. [“Si Kapatid na Elijah ay nasa likuran.”] Oh, siyanga ba? Si Kapatid na Elij’ Perry, sabi niya, ay nasa likuran. Saan ka naroon, Kapatid na Elij’? Matagal ko na siyang hindi nakikita. . . Buweno, grabe, napaka inam nga! Ngayon magkakaroon talaga tayo rito ng isang tunay na kalugud-lugod na pagtitipon! Sina Elij’ Perry, George Wright, at ang iba pa sa kanila na mga matatagal na rito na laging narito noon na halos alalayan n’yo na ’yung mga bintana dito para di magsilaglag, hinahawakan n’yo ng kamay n’yo, kapag malakas ang hangin. Napaka inam na makita ko kayo! Si nanay, Kapatid na babaing Wright ba ay kasama n’yo? Narito po ba si Kapatid na babaing Wright? Nariyan din siya sa likod, siyanga. Siyanga, po. Buweno, napaka inam! Si Kapatid na babaing Perry, nakikita ko silang lahat ngayon. Buweno, napaka inam talaga. Mainam na makaparito. Mainam talaga na makaupo sa dakong ito. Mainam na magkasama-sama.

<sup>7</sup> Pinaplano ko na, nang may pagbabata, ang makabalik; may pasanin ako sa puso. Kababalik ko lang po mula Aprika, gaya ng nalalaman n’yong lahat. At nung magpunta nga ako roon, limitado po ’yung visa ko, at di nila tuloy ako mapayagan, di nila ako mapahintulutan na mangaral dahil maraming tao ang nagkakatipon sa ganun. Iniisip nila na magkakaroon ng pag-aalsa sa dakong ’yun anumang oras, at—at di nga nila—di nga nila ako mapapayagan na mangaral dahil maraming tao ang nagkakatipon sa ganun. Ang tanging paraan ko lang, ay may organisasyon dapat na kinatawan ng gobyerno, sa loob mismo ng gobyerno, na imbitahan ako, nang sa gayon magpapadala na nang kusa ang gobyerno ng militar para proteksyon. Kita n’yo, sila dun ay. . . Magkakaroon kasi ng pag-aalsa, at ’yun lang naman ang dahilan. Tama lang din naman ’yun, kita n’yo. Sabi nung tao sa gobyerno, “Nung huling beses na naroon siya, nasa sangkapat na milyong tao ang nagkakatipon.” At sabi niya, “Hayan nga, kita mo, ’yan kasi ang bagay na pinaka hahanap-hanap ng komunismo, ang magkaroon ng pag-aalsa.” Kaya, di ako puwedeng makapangaral.

<sup>8</sup> Yung mga tao na nakatayo roon, iwinawagayway nila ’yung mga kamay nila, at umiiyak, “Alalahanin mo ang nanay ko! Alalahanin mo naman, ang kapatid kong lalaki’y namatay! Ang aking. . .” Naroon sila, at nasa likuran ng pangharang, alam n’yo, mga pangharang na alambre, at talagang papasamain nun ang damdamin mo. At umuwi na lang ako.

<sup>9</sup> At naisip-isip ko, “Buweno. . .” Yung anak kong lalaki, si Joseph, na nariyan sa likuran, medyo natigil siya sa pagbabasa ng mga aralin niya. At siya nga’y. . . Siya nama’y pumasa, pero kailangan niyang magpatuloy; di kasi siya nakapagbasa nang maigi. Kaya naisip ko, “Buweno, kailangan namin sigurong

manatili sa bahay nang kaunting panahon.” At sabi ko, “Kung mananatili kami sa bahay, masisira naman ’yung bakasyon ng mga bata.” Kaya di na namin itinuloy, at iniskedyul na lang namin siya sa ibang bahagi sa Agosto, at haya’t . . . at babalik dito nang mga dalawa, tatlong linggo.

<sup>10</sup> Sabi ko, “Sa palagay ko, habang naroroon kami, mabuti kayang kunin ko ’yung pagkakataon at magdaos ng pagtitipon. Hihiramin namin ’yung bulwagan ng paaralan sa dako rito, at— at magdadaos kami ng isang pagtitipon simula sa a-beinte otso hanggang sa a-uno, isang pagtitipon sa bulwagan ng paaralan. Gusto kong mangaral patungkol sa paksa ng pagbubuhos ng pitong huling mga Mangkok na ’yun.” At tinawagan na namin agad nang maaga-aga, at medyo may kaunting kabiguan kami. Hindi na nila sa amin ipahihiram ’yung mga paaralan, marami raw kasi masyadong tao ang magsisipuntahan. Di naman kami makahiram sa ibang dako. At kaya napagpasyahan ko, habang narito ako, na imbis na . . .

<sup>11</sup> Hindi natin kayang ipagkasya ang lahat ng mga tao, kung atin nga ’yung iaanun- . . . Hayan nga’t hindi pa naman ito nai-aanunso, sa ngayon. Mangyari ring kung ipagkasya natin ang lahat ng mga dadalo, susubukan nating ipagkasya sila rito sa tabernakulo, di naman natin kayang gawin. Kita n’yo, talaga pong . . . Hindi magiging maganda ’yung limang araw kung dito.

<sup>12</sup> Kaya, nung upuan namin ’yun at pag-usapan kasama nina Kapatid na Neville at Kapatid na Wood, at sila, napagpasyahan namin na gawin ito. Kung di namin kayang gawin ’yun, ay sa halip, hahatiin namin ’yun sa limang gawain; na gaganapin sa a-beinte otso, a-beinte nuwebe, a-trenta, a-trenta y uno, at a-uno. Buweno, sa palagay ko nga, simula sa susunod na Linggo, maaari pa tayong magkaroon ng dalawang gawain, Linggo ng umaga tapos Linggo ng gabi, sa a-disi otso. At pagkatapos sa—sa a-beinte singko, Linggo ng umaga’t Linggo rin ng gabi. Bale apat na gawain agad ’yun. Pagkatapos sa a-uno ng Agosto, Linggo ng umaga’t Linggo rin ng gabi. Bale anim na gawain agad ’yun sa atin, at kaya naman hindi na magkakaroon ng gaanong siksikan sa mga taong dadalo. At naisip ko po ’yun.

<sup>13</sup> Hindi po ba’t sa palagay n’yo rin ay mas mabuti ’yun kaysa sa magsisiksikan ang lahat dito’t sikipan talaga, at lahat na? Kaya naman para po sa kanila ay magdadalawang gawain tayo, papayag naman tayo sa ganun, pero kailangan lang ng suporta mula sa bawat isa. Para sa limang gabi po, na diretso, medyo mahihirapan kasi.

<sup>14</sup> At gusto ko pong makipag-ugnayan sa mga katiwala’t mga matatanda sa iglesya rito, habang narito ako.

<sup>15</sup> Laganap na kasi ito sa lahat ng dako. Nabubuhay na tayo sa huling mga araw na ito, kung saan ang Ebanghelyo ay di na—di na itinuturing na una sa lahat kung papaano bang dapat

Itong una sa lahat. Inagaw na nila Rito ang karapatan na dapat ay tinataglay Nito. Para bang nadamay na ito sa politika't mga bagay-bagay, at para nang naging pagkakaisa-isa na. At doon na talaga ito patungo, dahil ang tanda ng hayop ay darating talaga sa pamamagitan ng pagkakaisa-isa, alam natin. Kaya tayo—tayo . . . Haya't, isa kasi 'yung pagboboykot, “walang kahit sino ang makabibili o makapagbibili, maliban sa kanya na may tanda ng hayop.”

<sup>16</sup> At ngayon gusto ko pong malaman, sa pamamagitan ng mga matatanda sa iglesya. Pakiramdam ko'y may espirituwal na pangunguna sa akin. Hindi pa ako nakakaranas ng ganitong gutom sa aking puso sa Diyos, sa buong buhay ko, kumpara sa nararamdaman ko ngayon, kita n'yo. Haya't. . . At nagnanais po ako—po ako na magtayo ng sarili kong tolda at dalhin ang aking—aking gamit, katulad sa ibinigay sa akin ng Panginoon na pangitain, at naniniwala po ako na heto na talaga't malapit na ang panahon. At nais ko pong makita habang narito pa ako, kung bakit hindi nga natin maitayo ang naturang tolda.

<sup>17</sup> At—at kaya naman kung hahayo tayo, kagaya na lang ng paghayo dito sa Jeffersonville, sa halip na isang araw o dalawa lang, o tatlo o apat na araw, maaari tayong humayo rito't itayo ang toldang ito, at magkaroon ng dalawa o tatlong linggo, kita n'yo, at wala nang masasabi ang kahit sino patungkol dito. Puwede siguro tayo dun sa palaruan ng beysbol, o, kung di nila tayo payagan dun, may magsasaka rito na papayagan tayo na dun tayo sa isang bukid. Aarkilahin natin 'yung bukid at—at itatayo natin ito roon. Tapos ang isa pang gagawin na lang natin dun, ay magtayo ng magagamit natin—natin na palikuran na nakahiwalay, at iba pa, at para po 'yun sa ikagiginhawa natin. At madali naman 'yung gawin. At pagkatapos maaari na tayong magsimulang magdaos ng mga gawain natin dun dahil 'yun ang sinasabi nung pangitain na 'yun galing sa Panginoon, at sa ganoong paraan dapat 'yun magawa.

<sup>18</sup> At nung pagpunta ko rito, kahapon, at nalaman 'yung, alam n'yo po, *ito*, *iyon*. At ako nga po'y naglalakad sa may kalsada, at isang butihing kaibigan ko ang naglalakad din dun, ang sabi, “Kumusta, Billy.” Tiningnan ko siya, at puti na parang niyebe na ang buhok niya, may kalakihan na rin 'yung tiyan. At kasing edad ko po 'yung lalaki. Dati-rati'y nakakasama ko siya sa takbuhan noong araw, guwapo't batang-bata pang lalaki noon, nung bata pa ako. Medyo kakaiba nga 'yung pakiramdam ko.

Yung maliit kong anak na lalaki, si Joseph, sabi, “Bakit ka nalungkot, Daddy?”

<sup>19</sup> “Oh,” sabi ko, “Di ko maipaliwanag sa'yo, Joseph. Kita mo, di ko, di ko masabi sa'yo.”

<sup>20</sup> At tinitingnan ko nga ngayon sina Elij' Perry diyan sa may likuran, at si Gng. Perry; parang kahapon lang nung ang mag-

asawang ito ay itim pa ang buhok nila, nakatira sila sa kasunod lang na pinto sa akin, noong buhay pa sa amin 'yung lumang bangka na 'yun, na Wahoo, at sa ilog nga ay nagpupunta kami't nangingisda buong magdamag. Ngayong nakikita ko sila na kapwa maputi na ang buhok, alam n'yo, isa lamang po ang ipinapahiwatig nun, hayan na 'yung bumubulong-bulong na 'yun, "Kaunti na lang ang panahon mong nalalabi." Kita n'yo?

<sup>21</sup> Kaya naman, hinahangad ko na ang bawat araw ng buhay ko'y maibilang sa Kanya. Itong nalalabi ko, anuman po itong panahon na natitira sa akin, hinahangad ko ngang gugulin ito sa isang dako na ginagawa ang isang bagay, ito ma'y pagtayo sa panulukan ng lansangan, pinapatotoo ang kaluwalhatian at karangalan ng Diyos. At nandito po ako—nandito po ako para sa layunin na 'yan.

<sup>22</sup> At may lihim na dako po ako rito sa Green's Mill, Indiana. Di po ito isang siyudad, hayan nga, isa po—isa po itong ilang. At may mga taong umangkin na dun sa lugar, at di ka na nila papayagang umapak man lang dun sa dakong 'yun. Pero may kuweba nga po ako roon na di ako mahahanap nung tao kapag pumasok na ako roon. Nagpupunta ako roon kapag gabi na, at di na malalaman nung tao 'yung pagpasok ko roon o paglabas man. At di rin alam nung tao kung saan naroon 'yung kuweba, at di nga siya makapasok dun ano't anuman. At nagnanais nga akong makapunta uli sa dakong 'yun at makipag-usap sa Panginoon, nang kaunting panahon, dahil nararamdaman kong kinakailangan talaga.

<sup>23</sup> Ang maybahay ko po'y, gusto niyang makapunta, gusto niyang makapunta uli roon at makapamasyal, at sina Rebekah at Sarah, at sila, kasama ang kanilang mga kaibigan. At kami nga'y nakabalik na rito para sa susunod na tatlong linggo, at kung iloob ng Panginoon.

<sup>24</sup> At sa palagay ko po, imbis na subukan nating pagkasyahin ang lahat ng mga tao rito nang sama-sama, para makadalo sila sa mga pagtitipon dito sa tabernakulo . . . Hayan po't, ang dako na ito ay pagmamay-ari natin, pagmamay-ari ng Panginoon, na ibinigay sa atin. At de aircon po rito. Gusto ko pong magdaos ng gawain sa Linggo ng umaga, gawain sa Linggo ng gabi. Kapag ganun po'y ang mga tao'y makakauwi na sa kanilang lugar, at pagkatapos maghihintay na lang sa susunod na linggo.

<sup>25</sup> Sa tingin ko po'y hindi ko kayang talakayin at—at ipahayag nang husto ang pagbubuhos ng huling mga Mangkok na 'yun, dahil ang mga ito'y may tunay na, tunay na dakilang Mensahe na nakapaloob. Pero magagawa kong makapanalangin para sa mga maysakit, at gawin ang ilang mga bagay na . . . Ako nga'y may mga Mensahe, rin, na ipagkakaloob sa akin ng Panginoon, para sa iglesia. Sa buong sanglinggong ito, magpupunta po ako sa may ilang sa isang dako at mag-aaral, babalik sa Linggo ng

umaga, magdadaos ng pagtitipon sa Linggo ng umaga kagaya nito, at isang pagtitipon din sa Linggo ng gabi. Ang ating pong kinalulugura't butihing pastor, na si Kapatid na Neville po, tinanong ko siya kung kalulugdan ba niya 'yun. Makukuha kasi ang lahat ng mga gawain niya sa kanya, pero siya nga'y may higit na kagalakan na ipaubaya 'yun para sa—para sa layuning ito. Ako lang po'y . . .

<sup>26</sup> Si Kapatid na Capps, siya nga'y, sa palagay ko, dinapuan din siya ng sinat, hayan nga, at napansin ko nga na humayo po siya, at—at maging si Kapatid na Humes. At ang Panginoon ay itinalaga si Kapatid na Mann sa dakong ito para mangasiwa, at dito nga sa dakong ito. Alam n'yo, hindi po ba't kahanga-hanga talaga ang pagsasagawa ng Diyos sa mga bagay-bagay? Sa tuwina nga'y palagi Niyang isinasaayos ang lahat ng mga bagay sa tama talaga nitong tiyempo. Nito ngang pagdating ko rito't narinig ko 'yung nangangaral. Ang sabi ko, "Parang hindi 'yun si . . . Sa palagay ko . . ."

<sup>27</sup> Si Kapatid na Capps po, nagpunta siya ng Tucson, at sa tingin ko'y nabigla siya nang kaunti, dahil pumalo sa sandaan at sampu ang temperatura dun. Hindi niya natiis 'yung ganung init, kaya umalis siya agad, siya at si Kapatid na Humes, at nagpunta ng Phoenix. Hayan nga po't, sandaan at labinglima hanggang labing-anim, labingwalo ang temperatura sa dakong 'yun. Masalimuot pa nga rin, kaya sa palagay ko nagpunta siya ng Texas pagkatapos nun; siya, siya nga'y naghahanap ng lugar na mapupuntahan.

<sup>28</sup> Pero hindi mo nga nanaisin na magpunta sa Arizona kapag ganitong panahon ng taon, sinasabi ko po sa inyo. Sandaan at apatnapu ang temperatura, nung isang araw, nung Biyernes, sandaan at apatnapu ang temperatura, sa Parker. At doon nga si Kapatid na Craig, na dumadalo rito sa iglesya, nakatira. At makakapagbiyak ka nga dun ng itlog, at mapriprito agad 'yun bago pa man lumapag sa lupa. [Si Kapatid na Branham ay tumatawa—Pat.] Kung ikaw, ikaw nga'y dudura haya't—haya't matutuyo agad, talagang . . . Walang kahit anong halumigmig o kahit ano, talagang parang painitang hurno kapag ganitong panahon ng taon. Pero kapag Nobyembre naman, Disyembre at Enero, maganda po. Pero kapag bandang Marso na't Abril na, siguraduhin mo lang na nakaalis kayo mula roon kung ayaw n'yong main-in.

<sup>29</sup> At hayan nga po si Kapatid na Capps at sila na mangyaring nagpunta nung mga panahong 'yun, na sa palagay ko kaya sila umalis. Hayan nga't marahil ginawa talaga 'yun ng Diyos para sa isang layunin. Nananampalataya nga po ako, na itinatatag ng Diyos ang lakad ng matutuwid. Kahit na minsan ay tila ba napaka hirap.

30 Kagaya nga nung minsan isang araw sa biyaheng 'yun sa Aprika, nakakatiyak na ako na ako'y kumikilos sa kalooban ng Diyos. Dahil, nung nakaraang taon, nandun po ako sa Timog, nagdadaos ng ilang sunud-sunod na mga pagtitipon, at, sila—sila, naisip ko . . .

31 Mula sa organisasyon dun, sabi, “Puwede kang pumunta, sa pamamagitan ng Christian Business Men, pero ayaw namin na mayroon kaming kinalaman tungkol diyan.”

32 Buweno, ayaw ko namang isuplong 'yung mga kalalakihang 'yun sa situwasyong 'yun, na alam n'yo, magka away-away sila. Gusto ko—gusto ko na maganda ang pakikitungo nila sa isa't isa. Kaya ang sabi ko na lang, “Buweno . . .” Sinulatan ko sila ng isang liham, sabi ko, “Alalahanin n'yo, makailang taon na rin ang lumipas na sinusubukan kong makabalik sa Aprika, uli, dahil nararamdaman kong ang pagmi-ministeryo ko sa Aprika ay di pa tapos. Wala akong . . .”

33 Bakit nga ako magpupunta ng Aprika, kung may anim ako rito, pitong daang lungsod dito mismo sa Estados Unidos, na may paanyaya, kita n'yo, dito lang mismo, ni hindi nga lalabas ng Canada, Mexico, o iba pang lugar na 'yan? Bakit ko nanaisin na makapunta dun? Pero ito nga'y isang bagay na nakalagay sa loob ng aking puso, na hinahatak ako sa Aprika. Doon, ang mga tao nga roon, haya't—haya't may kung ano pong bagay sa kanila, na kinalulugdan ko, at gusto ko ngang magpunta roon para sa mga kapatid na itim lamang dun. At may kung ano ngang bagay lang sa marami sa kanila roon, sa mga pinuno nila dun, na sa tingin nila'y di raw dapat ako magpunta. Gusto ko—gusto ko pong magpunta para sa mga kaibigan nating itim dun. Doon ako tinatawag ng Panginoon. At ngayon sila nga'y matindi talaga ang pangangailangan. Marami sa mga tao roon, 'yung mga puti po, maaari silang magpa-doktor at lahat na. Pero sila na mga mahihirap na katutubo na nakatira sa dakong 'yun, haya't halos bulukin sila ng sakit nila. Sa—sa—sa palagay ko sila 'yung tatanggap at tatanggap talaga Rito. Sila po talaga. May kung anong bagay dun.

34 Kapag humantong ka na kasi sa isang dako, na napaka talino mo na talaga't alam mo na ang lahat ng bagay haya't wala ngang magagawa sa'yo ang Diyos. Pero kapag humantong ka sa isang dako na handang-handa ka talagang makinig at matuto, mangyari—mangyari ngang 'yan na ang oras ng Diyos, na makakilos papasok at makipag-usap sa iyo.

35 At kaya sinulatan ko sila ng liham pabalik, at sinabi ko sa kanila. At sabi ko nga, “Alalahanin n'yo, sa Araw ng Paghatol, 'yang mga buto-butong kamay na 'yan ay uunat sa inyo mula sa usok, at susumpain kayo! Ang mga dugo nila ay pananagutan n'yo, hindi ako, dahil sinusubukan ko na nang magsasampung taon na na makabalik.”

<sup>36</sup> Pagkatapos nung maihulog ko na 'yung liham, bumaling ako, may kung anong Bagay na nagsabi sa akin, "Makipagkita ka kay Sidney Jackson, pumunta ka sa pamamagitan ng isang pangangasong lakad." At, sa mga sandali ring 'yun, nangusap ang Panginoon kay Sidney Jackson, ang sabi, "leon na may dilaw na buhok sa palibot ng mukha, camping ni Kapatid na Branham; Durban, malaking pagtitipon."

<sup>37</sup> Buweno, naparito siya, at nakapangusap siya rito sa inyo. Siyanga po pala, aming binautismuhan. . . Siya nga'y mariin na di sumasang-ayon sa pagbabautismong ito sa Pangalan ni Jesus Cristo. At 'yung asawa nga niyang babae'y mas matindi po sa kanya, talagang tinatalikuran niya ito. Inyo ngang. . . sinasabi ko nga sa inyo, wala pa akong nakikita na mas tataos ang puso kaysa sa mga taong ito. Nagawa nga nilang ang halos sangdaan at limampung mga ministro sa dakong 'yun, ay mabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, at pinagniningas nga nila nang husto ang buong bansa dun. Ang Mensahe nga'y talaga namang lumalaganap nang husto sa Aprika, sa lahat ng dako, may mga piloto't mga kilalang tao ang nagsisilapit, para mabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo.

<sup>38</sup> At kaya naman ako, heto nga't nung naghahanda na akong magpunta sa dakong 'yun, sinasabi ko nga sa inyo, na wala pa akong nararanasan na matinding aberya sa buong buhay ko, na makapunta sa dakong 'yun. At pagkatapos sa pinaka huling minuto mismo, pinaka huling minuto na pupunta roon, haya't itinatak sa visa ko, "Hindi puwedeng magdaos ng anumang uri ng gawaing pang-relihiyon; maaari lamang pumunta para mangaso." Buweno, hayan nga't, di nga naging maganda.

<sup>39</sup> Pero sabi ko nga, "Hindi ko alintana anuman ang gawin ng diyablo, hindi ko—hindi ko puwedeng. . . Hindi ko puwedeng igarantiya 'yung sinabi ni Kapatid na Jackson na leon na may dilaw na buhok sa palibot ng mukha, at maging *ito*, *iyon*, o *iba pa*. Hindi ko—hindi ko puwedeng igarantiya. Pero nalalaman ko na sinabihan ako ng Diyos na 'makipagkita kay Sidney Jackson, at sumama sa pangangaso,'" At sabi ko, "Magpupunta ako." At isang beses nga dun. . . Haya't 'yun ang naging isa sa pinaka magandang lakad na napuntahan ko.

<sup>40</sup> Nalaman ko nga kung ano ang naging problema. Ngayon sa palagay ko, sa darating na Oktubre, kung loobin ng Panginoon, makakabalik na ako roon at makakapagdaos na ng pagtitipon at lahat na, buo na ang suporta roon, at lahat na, kita n'yo, sa Aprika ngayon. Natunton ko mismo 'yung pinaka ugat nun at nakita ko kung saan ang naging problema, kung anong naging dahilan. Dito nga sa dakong ito, may susulat, tapos heto naman ang isa na *ganito* ang sasabihin, at lahat dun ay may kung ano pong bagay na gustong sabihin, at *ganito* raw talaga 'yun sabi nung isa dun. Ang pinaka mainam ngang paraan, ay magpunta mismo dun, ikaw mismo. At nalaman ko nga kung saan ang



naging problema, at kung ano bang naging dahilan; at dahil pala 'yun sa napakaraming bilang ng mga tao na nagtitipon-tipon sa isang lugar, hindi pala gusto ng gobyerno na ako lang mismo ang gumawa nun.

<sup>41</sup> Ngayon kung ang Christian Business Men po o anumang organisasyon, na magpapasok sa amin dun, ang gobyerno nga'y magkukusang. . . dahil 'yung organisasyon ay kinakatawan sa gobyerno, kaya magpapadala ng militar para proteksyon. Kahit may limampu't limang lalaki man mula sa isang denominasyon, dalawampu't lima sa isa na naman, hindi pa rin sila papayag. Kinakailangan kasing pinaka—pinaka pinuno talaga nung organisasyon na 'yun. At ang Christian Business Men po ay isang organisasyon na di-sektaryan na kumakatawan sa lahat ng mga kaiglesyahan. Si Doktor Simon po, na pinaka pinuno nila sa dakong 'yun, isang mabuting ginoo talaga, nakatagpo ko siya't nakipag-usap ako sa kanya. At sila ang mangangasiwa sa mga pagtitipon, at ang lahat ng iba pa dun na mga iglesya ay magsisidalong nang sama-sama. Kita n'yo? At sa palagay ko nga'y magkakaroon tayo ng pinaka mainam na mga pagtitipon na maisasagawa sa—sa Aprika.

<sup>42</sup> Pero ito po talaga ang pinaka punto ko rito, kapag alam mo na ang iyong—iyong sinusubukang gawin ay tama, ang unang bagay dapat ay, kung may pangunguna ka riyan na gawin ang isang bagay, mamarapatin mo dapat na tingnan ito sa Salita at tingnan kung ito nga'y tumutugma sa Salita, at sa ganyan nga'y walang anumang bagay ang makapipigil sa iyo. Di ko alintana gaano mang karaming ruweda ang ihambalang ng diyablo sa daraanan, umusad ka lang na pinangingibabawan mo ang mga hadlang na ito.

<sup>43</sup> Nabanggit ko sa maybahay ko at nabanggit ko kay Kapatid na Wood, nung pagdating ko rito, at sa ibang mga kaibigan na nakatagpo ko kahapon: gumugol ako rito nang halos limang taon na hindi ko alam kung ano bang dapat kong gawin. Talaga pong nakaka—nakaka kaba. . . Kita n'yo, 'yung mismong rebaybal, sa mga kaiglesyahan, ay namatay. Alam nga 'yan ng lahat. Nararamdaman n'yo 'yan maski dito sa tabernakulo. Nararamdaman n'yo 'yan sa lahat ng dako. May kung anong mabigat, na patay na pakiramdam. May kung anong bagay na di talaga tama. Dahil 'yung kasigasilan ng rebaybal ay nawala na sa mga tao. Libutin n'yo 'yung mga kaiglesyahan, makikita n'yo ang mga tao roon na nakaupo lang. At 'yung pastor ay di siya magkandaugaga kung ano bang mensahe ang dapat niyang ipangaral at iba pang ibang bagay. At malalaman n'yo na lang, ibinaling na lang niya 'yun na magdaos na lang sila ng kung anong kasiyahan, o ano ba. Talagang halos patay na kabigatan lang sa lahat ng dako.

<sup>44</sup> Si Billy Graham napapansin niya ito; si Oral Roberts. Si G. Allen po ay may kung anong pinagdadaanang problema, gaya

ng nalalaman n'yo. Si Oral Roberts naman ay may limampung milyong dolyar na mga gusali, at kung anu-ano pa, sa isang dako. May eskuwelahan siya. At, buweno, hayan nga't walang sinuman ang humahayo sa labas ngayon.

<sup>45</sup> Ako nga'y umalis dito, sa isang pangitain, para magpunta sa ibayo ng Tucson, para makita kung anong nais ng Panginoon na gawin ko. Sa ibayong 'yun ay kinatagpo Niya ako, gaya ng pagkakasabi Niya rito sa inyo na gagawin Niya ito, at sa anyo ng pitong mga Anghel, at sinabi na bumalik at ang Pitong mga Tatak ay bubuksan. Ganoon mismo ang nangyari.

<sup>46</sup> Kanyang sinabi, isang araw kay Kapatid na Wood nung magpunta siya sa dakong 'yun, nagpunta kami sa parehong lugar, at naghagis ng bato, gumulong 'yun pababa, sabi Niya, "Sa loob ng isang araw at gabi, iyong. . ." Parang, nakalimutan ko lang po ang eksaktong mga salita. "Iyong masasaksihan ang kaluwalhatian ng Diyos."

<sup>47</sup> At nung sumunod na araw, isang ipo-ipo ang bumaba mula sa kalangitan, at alam na natin kung anong kuwento tungkol sa kung anong nangyari. Nung pumailanlang 'yun, tinanong nila kung ano 'yun. Sabi ko, "May sinabi Ito na tatlong salita, sa tatlong malalakas na pagsabog." Yung pagsabog lang kasi ang narinig nung mga kalalakhian. Naintindihan ko kung anong sabi Nun. At ang sabi, "Paghatol tatama Baybay-Kanluran!" Dalawang araw matapos 'yun, ang Alaska ay halos lumubog na. Talagang malalakas na pagsabog, mga paglindol, at lahat na. Tingnan n'yo na lang po sila, araw-araw, mga paglindol na talagang yumuyugyog sa lahat ng dako.

<sup>48</sup> Yung huli ko pong pagtitipon, 'yung huling pagtitipon na idinaos ko, ito po ang magiging pinaka una kong Mensahe, sa katunayan, na ipangangaral ko mula noon. Nangangaral ako noon sa Los Angeles, sa Biltmore Auditorium, at nangungusap ako noon tungkol sa isang lalaki na pumipili para sa sarili niya ng babaing mapapangasawa. Marahil nakakuha na kayo ng teyp nito. "Ito'y," sabi ko, "Ito nga'y pagpapaaninag lang ng kanyang katangian at kanyang mga ambisyon." Na, kung ang isang lalaki ay kukuha ng isang babae, kukunin niya ang isang dalaga, at para maging asawa niya; kung siya'y kukuha, alam n'yo, ng isang modernong babae na isang pangkaraniwang Ricketta, haya't—haya't ipinapakita lang n'yan na siya. . . Kung ang pakakasalan niya ay isang beauty queen o sex queen, ano man diyan, ipinapakita lang n'yan ang kanyang, kung ano talaga ang nasa loob ng lalaking 'yun. Pero ang isa po kasing Cristiano, siya nga'y tumitingin sa katangian sa kaibuturan ng isang babae, dahil siya'y nagplaplano ng tahanan sa hinaharap kasama ang babaing ito. Ang plano niya, siya'y kukuha ng isang may kakayahang mag-asikaso ng tahanan. At sabi ko, "Kung ganoon, si Cristo, ayon sa Kanyang Salita rito, sinasabi sa atin dito kung ano ang magiging itsura ng Tahanan natin sa

hinaharap. Kaya anong klaseng babaing mapapangasawa ang pipiliin Niya kung ganoon, isa kayang maka-denominasyon na patutot? Hindi! Pipili Siya ng isang babae na inilalarawan ng Kanyang Salita, at 'yun ang magiging Nobya."

<sup>49</sup> At nung naroon nga ako, bigla na lang may isang Bagay na dumating sa akin, at wala na akong kamalay-malay sa loob ng tatlung minuto. May dumating na propesiya. Unang bagay na naalala ko, si Kapatid na Mosley at si Billy, naroon ako sa kalsada't, naglalakad. At ang sabi Nun, "Ikaw Capernaum, na ang pakilala sa sarili'y sa pangalan ng mga Anghel," ang Los Angeles nga ito, siyudad ng mga anghel, kita n'yo, mga anghel, "na nagpakataas hanggang sa langit, ay ibababa hanggang sa impyerno. Sapagkat, kung ginawa sana ang makapangyarihang mga gawa na ito sa Sodoma, na ginawa sa inyo, malaong disin sana'y nanatili siya hanggang sa araw na ito." At naganap ang mga 'yun na walang kamalay-malay, ako. Kita n'yo?

<sup>50</sup> At marubdob nga akong nagbibigay ng tagubilin tungkol kay, Cristo, itinataas Siya at sinasabihan ang iglesya. Sabi ko, "Kayo na mga kababaihan, kahit anong pursigi ko na dumulog sa inyo, o mangaral sa inyo laban sa mga bagay na ito; at kayo man na kalalakihan, mga mangangaral; ay patuloy pa rin kayo na nanglililang, 'yun at 'yun pa rin ang pinag gagagawa n'yo. Tinatapakan n'yo lang Ito na para bang walang kabuluhan ang Salita ng Diyos."

<sup>51</sup> At nung magkamalay na ako tungkol dun, minabuti ko, ang sabi ko, "May Kasulatan para dun kung saan." At tiningnan ko at nakita kong si Jesus 'yun, na sinasaway ang Capernaum na nasa baybay-dagat. Nung gabing 'yun tiningnan ko ang mga Kasulatan. Umuwi ako, kumuha ako ng aklat ng kasaysayan; at ang Sodoma at Gomorra ay—ay dati palang namamayagpag na siyudad, ang pinaka punong himpilan ng daigdig ng Gentil. At alam n'yo ba, 'yung siyudad na 'yun, dahil sa isang lindol, ay lumubog sa ilalim ng Dagat na Patay. At tumayo si Jesus. At ang sabi, "Capernaum, kung ginawa lang sa Sodoma ang mga bagay na ginawa sa inyo, malaon nga na nananatili pa rin siya hanggang ngayon. Pero ngayon kayo nga'y dapat ibaba sa impyerno!" At pagkatapos ng halos dalawang daan o tatlong daan na taon nung sambitin ang propesiya Niyang ito, sa lahat ng mga pamayanan sa tabi ng dagat, lahat sila'y nakatayo pa rin mapasa hanggang ngayon maliban sa Capernaum, at ito nga'y nakalubog na sa ilalim ng dagat. Isang lindol ang nagpalubog dun sa dagat.

<sup>52</sup> At pagkatapos heto ang propesiya, "Ang Los Angeles ay papailalim sa ilalim ng dagat." At umuwi ako, at nagpunta na noon ng Aprika. At habang nasa Aprika ako, nagkaroon sila ng lindol. At ang mga siyentipiko. . . Nasaksihan n'yo naman 'yun, nasa pagsasahimpapawid na balita po 'yun, na may ilang

malalaki't, magagarang bahay ang nagsipagtumbahan, sa Los Angeles, at isang motel, at iba pa. At ngayon mayroon nang . . .

<sup>53</sup> Mula nang mangyari 'yung lindol na 'yun, nagkaroon ng dalawa- o tatlong-pulgadang lamat na gumuhit sa lupa, mula Alaska, paikot hanggang doon sa mga Isla ng Aleutian, nasa halos sandaan at limampu o dalawang daang milya ang inabot sa mismong dagat, hanggang makarating sa San Diego; abot hanggang sa California, o Los Angeles, at umabot din hanggang sa ibaba lamang ng hilaga ng California roon, sa isang maliit na lugar dun na kung tawagin ay San Jose, sa ibaba lang nun.

<sup>54</sup> At ito ngang siyentipiko'y sinasabi niya, haya't nasa isang panayam siya. Inaantabayanan namin sa telebisyon. At sabi niya, "Sa ilalim nun ay may kumukulong mainit na putik." At sinabi niya ito, sinabi niya na, "May bahagi dun na kakalas," at sabi, "at mangyayari talaga." At 'yung nagtata- . . .

<sup>55</sup> Yung lalaki, kinakapanayam kasi nung isang siyentipiko 'yung punong siyentipikong ito, sabi sa kanya, sabi, "Buweno, ibig sabihin ba nun puwedeng lumubog 'yung lahat?"

Sabi niya, "Puwedeng lumubog? Lulubog talaga!"

<sup>56</sup> Sabi, "Buweno, siyempre, aabutin pa ito nang maraming, maraming taon mula ngayon."

<sup>57</sup> Sabi niya, "Puwede na ngang lumubog 'yun sa loob lang ng limang minuto ngayon, o puwede ring sa loob ng limang taon mula ngayon." Pagtataya niya lang 'yung limang taon.

<sup>58</sup> Pero kung paanong tiyak na nakatayo talaga ako roon sa ilalim ng Inspirasyon, na ibababa ang hatol na 'yun sa West Coast, at pagkatapos nun susunod na itong paglubog ng Los Angeles, siya nga'y mawawala na! Tama. Mangyayari 'yun. Kailan? Hindi ko po alam.

<sup>59</sup> Pero, oh, anong nangyari? Alam n'yo, aanim na lang ang kontinente natin ngayon. May pito tayo dati, 'yung isang 'yun sa pagitan ng Aprika at Estados Unidos na lumubog. Oh, nasa kasaysayan nga ito, alam n'yo po ito. Ngayon, kung 'yun nga'y lumubog, gusto kong matyagan n'yo kapag. . .

<sup>60</sup> Isa nga itong pangangaral na naipangaral ko na noon nung, sa palagay ko, si Kapatid na Elij' Perry dito ay diyakono pa noon dito sa simbahan nung panahon na 'yun, kung tama po ang pagkakaalala ko. Pero ang sabi nga nun, "Darating ang panahon. . ." Hindi ko nga 'yun naalala hanggang sa dalhin sa akin ni Gng. Simpson 'yung—'yung pangangaral na 'yun nung isang araw. At naisulat ko 'yun sa isang maliit na kuwaderno, na, "Ang disyerto. . ." na, "Ang karagatan ay tatangis papunta sa disyerto." Tatlumpung taon na po ang nakararaan n'yan.

<sup>61</sup> At, siyanga naman, ang Dagat Salton ay nasa dalawang daang talampakan na mas mababa kaysa sa lebel ng dagat, at kung 'yung malaking pagkulo nun, na ang lupa'y nilalamon na

nang kagaya nun, sa sakop na daan-daang kuwadrado milya, daan-daa't daan-daang kuwadrado milya na pumapailalim sa ilalim ng lupa, pihadong aabot 'yung dambuhalang daluyong nun hanggang sa Arizona. Tunay, ganun nga ang mangyayari.

<sup>62</sup> Oh, nasa huling panahon na talaga tayo, maluwalhating oras, ang pagpapakita ng Panginoong Jesus! Kanyang sinabi, "Lilindol sa iba't ibang dako, panahon ng kagulumihan, may kasalatan sa pagitan ng mga bansa, magsisipanglupaypay ang puso ng mga tao sa takot." Sabi, "Na kapag nangyayari na ang mga bagay na ito, itaas ninyo ang inyong ulo, ang pagkatubos ninyo ay nalalapit na." Oh, grabe!

Mga bansa'y nagkakasira, Israel ay nagigising,  
Mga tanda na inihula ng mga propeta;  
Mga araw ng Gentil ay bilang na, punung-  
puno ng pagkabalisa;  
Magbalik na, Oh mga nangalat, magbalik na.  
(Siguraduhin n'yong gagawin n'yo 'yan!)

Ang araw ng pagkatubos ay malapit na,  
Puso ng mga tao'y lupaypay sa takot;  
Tiyaking puspos kayo ng Espiritu ng Diyos, na  
inyong mga ilawa'y pinag-igi pinag-ilaw,  
Tumingala, ang inyong pagkatubos ay malapit  
na! (Tama 'yun.)

Mga bulaang propeta'y sinungaling,  
Katotohanan ng Diyos itinatanggi,  
Na si Jesus Cristo ay ang Diyos nga natin.

<sup>63</sup> Nakita n'yo ba 'yung litratong 'yun nung isang araw, kung papaanong itinabingi Niya 'yung litrato nang patagilid? At 'yung mismong litratong 'yun ng pitong Anghel na 'yun na pumapailanlang, itabingi n'yo 'yun nang patagilid sa kanan, at naroon ang mukha ng Panginoong Jesus na nakatingin pababa sa lupa muli.

<sup>64</sup> Naalala n'yo po ba nung mangaral ako minsan tungkol sa *Ang Pitong Kapanahunan Ng Iglesya*, hindi ko nga maunawaan kung bakit si Jesus ay nakatayo roon na may "puti" sa ibabaw ng Kanyang ulo. Isa kasi Siyang binatang Lalaki. Tinugaygay ko 'yun sa Biblia, ang sabi dun, "Dumulog siya roon sa isa na Matanda sa Mga Araw, na ang Kanyang buhok ay maputing parang lana." Si Jesus Cristo ay tatlumpu't tatlo at kalahating taon, nung ipako Siya sa krus.

<sup>65</sup> Tinawagan ko si Kapatid na Jack Moore, isang teologo. Sabi niya, "Oh, Kapatid na Branham, si Jesus kasi'y nasa maluwalhating yugto na riyan." Sabi, "Pagkatapos ng Kanyang pagkamatay, pagkalibing, at pagkabuhay na mag-uli, naging ganoon Siya." Yun nga'y napakainam pakinggan para sa isang teologo, pero wala nga 'yung naging dating, di nun natumbok 'yung pinaka punto.

<sup>66</sup> Umakyat na ako roon at sinimulan ko na 'yung unang kapanahunan ng iglesya, doon nga'y inihayag 'yun ng Espiritu Santo. Ngayon nariyan nga 'yan sa inyong *Mga Kapanahunan Ng Iglesya*. Sa palagay ko'y malapit na nilang ilabas 'yung mga aklat sa madaling panahon ngayon, nang buo't detalyado. At ipinapakita nga dun na si Jesus ay isang Hukom. Hayan nga 'yung puting peluka na isinusuot-suot nila nung araw, sila'y naglalagay ng peluka't isinusuot nila 'yun bilang hukom, at sa Inglatera nga'y ginagawa pa rin nila 'yan hanggang ngayon kapag ikaw ay may napakataas na kapamahalaan. At kung 'yan nga'y itatabingi n'yo rito nang patagilid sa litrato, hayan nga Siya, 'yung itim Niyang buhok, makikita n'yo 'yun sa gilid ng Kanyang balbas, at 'yung puting peluka ay nakasuot. Siya ang pinaka sukduulan sa lahat ng kapamahalaan, Siya ang Pinakamataas na Kapamahalaan. Maging ang Diyos ay sinabi, Niya 'yan mismo, "Ito ang sinisinta Kong Anak, Siya'y inyong pakinggan."

<sup>67</sup> Hayan nga Siya roon kasama ang mga Anghel na iyon, ang Mensahe, itong pitong pagbubukas ng pitong tatak na 'yun na naghayag sa *binhi ng serpiyente* at lahat ng mga bagay na ito rito. At ipinapakita nga riyon na ito ay ang mismong talukbong Niya, ang—ang mismong Pinakamataas na Kapamahalaan Niya. Siya ang Pinakamataas, at Siya'y nakasuot ng peluka, o—o natatalukbungan. Sinabi ng Biblia na nagpalit Siya ng mukha Niya, o nagpalit Siya ng sarili Niya, *en morphe*. Galing ang salitang ito sa salitang Griyego na, *en morphe*, na ang ibig sabihin ay isang Griyegong aktor na iba't ibang bahagi ang ginagampanan; ngayon itong isang ito ang ginagampanan niya, sa kasunod naman na yugto iba na naman siya. Siya ay Diyos, Ama, sa isang yugto; Diyos, anak, sa isa na namang yugto; at pagkatapos Diyos, Espiritu Santo, sa yugto namang ito. Kita n'yo? Hayan nga Siya, ang Kanyang Salita ay nananatiling Pinakamataas. Nabubuhay na tayo sa huling mga araw.

<sup>68</sup> Kagagaling ko nga lang ng Aprika nung isang araw, ako nga'y medyo pagod. Kita n'yo, gabi kasi ang oras dun ngayon, at kinakailangan mong makabalik uli sa dating oras. At heto't bumalik na ako sa dating oras, bumalik ako uli. Napaka inam po ng naging lakad namin dun, lakad sa pangangaso, isa sa pinaka mainam na napuntahan ko sa buong buhay ko. Hayan nga't si Billy ay may mga naiuwing litrato, marahil kapag may oras siya ay ipapaskil niya ito sa kung saan, at ipapakita sa inyo ang naging lakad.

<sup>69</sup> Nagkaroon po ako ng isang panaginip. Lagi nga akong nananaginip na nasa Public Service Company po raw ako uli, ganun na nga po. Mangyari ngang iniisip ko—iniisip ko na baka puwede akong lumiban sa trabaho, naisip ko. . . Pinapayagan naman nila ako, at naisip ko na ang gagawin ko. . . Imbis na magpunta't magpatrol sa mga kawad o mangolekta ng bayarin,

o anumang bagay na dapat kong gawin, ang sabi ko, “Buweno, sarili ko ang boss ko ngayon,” nagpunta ako para lumangoy. At nagpunta na ako’t hinubad ko ang aking . . . ito pong mga damit na ito, at nagsuot ng damit panglangoy. Mag-isa lang po ako. At naisip ko, “Naku, di naman yata tama ito, ang kompanya kasi . . . Umaga ngayon, binabayaran ako ng kompanya para sa oras na ito.” Naisip ko, “Parang kakaiba yata.” At pagkatapos naisip ko, “Buweno, ’yung pera na nakolekta ko sa daan . . .” Pinagsabay ko kasi ’yung pagpapatrol at pangongolekta sa daan, at kaya ang sabi ko, “Buweno, ’yung pera na nakolekta ko, di ko sinasadya, na sa paglililiwaliw ko sa dakong ito rito; naiwala ko tuloy ’yung lahat ng mga resibo ko, at ’yung pera nila’t pera ko ay napaghalo ko. Ngayon paano ko malalaman kung sino-sino na ang nagsipagbayad?” Naisip ko, “Dahil kasi sa di ko ito masyadong binigyan ng pansin!” Naisip ko, “Hindi naman tama ito. Isang bagay na lang ang dapat kong gawin, ang bumalik nga sa aking superintendent at sabihin sa kanya.” Kay Don Willis po, sabi ko, “Don, naiwala ko ’yung mga resibo. Kaya heto ang lahat ng pera sa akin, at heto rin ang kanilang pera, nagkahalo. Iiwanan ko na lang sa tagatanggap ng bayad. At ’yung mga tao, kapag magpupunta sila rito, may resibo nga silang maipapakita na natanggap ko na ang bayad nila.”

<sup>70</sup> Marahil may mga taong nakaupo rito ngayon na aking—aking . . . Sa palagay ko’y mayroon po. Na kinokolektahan ko dati nung—nung araw, at akin . . . at akin silang binibigyan ng resibo. Alam n’yo, nasa diyos porsiyento lang ang multa kung ipagpapaliban mo ang bayarin mo. At siguro, nasa isang dolyar ’yun at kalahati, marahil sobra lang ng mga kinse sentimos. At marami sa mga tao na nakatira . . . Napapasarap nga kami sa pagkikita’t pakikipag-kuwentuhan, at ipinagpapaliban na nila ’yung bayarin nila, at kaya makikipag-usap uli ako sa kanila sa susunod. Magmumulta lang ng kinse sentimos, alam n’yo, uupo dun at makikipag-usap nang kaunti, at kokolektahin na ang bayarin nila. Kaya naipon lang nang naipon, at napakarami ko na tuloy bayaring hindi ko nakokolekta.

<sup>71</sup> Buweno, naisip ko na ’yun lang ang paraan na magagawa ko dun. At pagkatapos nagising na ako.

<sup>72</sup> Doon po sa lugar kung saan kami nakatira, si Kapatid na babaing Larson po, sa palagay ko’y wala siya rito ngayon, siya nga’y naging napakabuti sa amin; at di niya gustong sabihin ko ’yun. Pero siya po’y isang kalugud-lugod na ginang, at dun po kami nangungupahan sa mga patuluyan niya. May dalawang apartment siya, dalawang maliit na apartment na magkatabi, pareho naming nirerentahan ’yung dalawa. At ang maybahay ko’t ako ay natutulog nga noon sa—sa kabilang apartment kung saan doon ko pinapatuloy ’yung mga bisita kapag kaya ko, at may dalawang pang-dalawahang mga kama roon.

<sup>73</sup> Nagising po ako. Hindi pa gising ang maybahay ko noon. At pagkatapos ng ilang sandali, nagising na siya. At sinenyasan ko siya, at tumingin siya sa akin at ipinikit-pikit ang kanyang mga mata nang ilang beses. Sabi ko, “Nakatulog ka ba nang maigi?”

Sabi niya, “Hindi.”

<sup>74</sup> Tapos sabi ko, “Nakapanaginip ako ng di kanais-nais na panaginip. Nasa Public Service Company raw uli ako.” Sabi ko, “Ano itong nagawa ko?”

<sup>75</sup> Naalala ko, nung maliit na batang paslit pa lang ako, o binata na noon, pinapatrulan ko 'yung lahat ng mga kawad na 'yun sa Salem, Indiana, iba't ibang. . . Papasok ako, bibili ng—ng almusal, marahil isang mangkok ng oats. Yung init ng araw at lahat na, at talagang sumasama ang pakiramdam ko, na di ako makakain ng almusal maigi. Magbabayad ako ng sampung sentimos, na kukunin ko galing dun sa mga barya ko. Darating 'yung superintendent at sasabihin, sasabihin, “Alam mo ba kung anong sinabi nila sa—sa pagpupulong? ‘Sino 'yung di man lang nag-iisip na 'yun na nagbalik ng resibo sa kompanya na sasampung sentimos lang, para sa almusal?’” Sabi, “Ang dapat mo kasing ibalik na resibo sa kompanya ay nasa singkuwenta sentimos.” Ngayon, alam n'yo ngang lahat, na ang singkuwenta sentimos ay malaking almusal na nung araw.

At sabi ko, “Buweno, hindi naman ako malakas kumain.”

Sabi niya, “Buweno, ang iba kasi sa kanila'y singkuwenta sentimos ang ibinabalik nilang resibo. Kaya dapat singkuwenta sentimos din ang ibalik mong resibo.”

Sabi ko, “Buweno, hindi ko naman mapapakinabangan.”

Sabi, “Basta't magbalik ka ng ganoong resibo, na lang.” Superintendent ko na mismo ang nagsasabi.

<sup>76</sup> Buweno, sa isip-isip ko, “Buweno, ano pa nga bang magagawa ko? Singkuwenta sentimos ang dapat kong ibalik na resibo, tapos sampung sentimos lang naman ang nakakain ko.” Kaya nagpupunta na lang ako sa kalsada at ibinibigay ko sa mga bata roon na hindi pa nag-aalmusal, at bibigyan sila ng almusal na kuwarenta sentimos ang halaga.

Kaya biglang naisip ko, “Buweno, baka 'yun. . . Baka 'yun ang pinapanagot Niya sa akin.”

<sup>77</sup> At naalala ko, dito di pa katagalan, dumating sila sakay-sakay ng patrol, winarak nila 'yung likurang bakuran ko roon, at ang sabi, “Ipadala mo na lang 'yung dapat naming bayaran.” Alam n'yo may karapatan nga sila bilang nagpapatrol, pero kailangan pa rin nilang bayaran 'yung mga nasira nila.

<sup>78</sup> Pero sinulatan ko sila't ang sabi ko, “Hindi n'yo na ako kailangang bayaran.” Naisip ko, “Yun na 'yung bayad sa mga tig-kukuwarenta sentimos ko noon. Marahil nasa dalawampu o tatlumpung dolyar ang nagasta ko noon, na ibinibigay ko sa



mga bata. Siguro’y sapat na ’yun.” Laging akong nanaginip ng ganoon.

<sup>79</sup> Pagkatapos hayan nga’t may malaking puno ako roon, na naglalaro sa lilim nun ang mga bata, at ’yung patrol. . . Ngayon nakasakay na sa helicopter ’yung nagpapatrol. At heto na nga’t papalapit siya at ang sabi, “Billy, ano kaya kung putulin na lang ’yang puno na ’yan?”

<sup>80</sup> Sabi ko, “Huwag, huwag n’yong putulin. Tatabasan lang namin ito.” Sabi ko, “Tatabasan namin ito ni Kapatid na Wood at ako.”

Sabi, “Buweno, magpapapunta ako rito ng tao at tatabasan ’yan.”

Sabi ko, “Naku, huwag mong putulin.”

Sabi niya, “Hindi ko puputulin.”

<sup>81</sup> May pinuntahan akong lakad. Nung pagbalik ko, putol na ’yung puno’t nakatumba na sa lupa. Kaya may karapatan na akong magdemanda, kita n’yo. Sabi ko, “Buweno, Panginoon, magiging maayos na ang lahat dahil dito, alam ko.” Kaya di ko na lang itinuloy, ayos lang naman ’yun, pinalampas ko na lang. Buweno, napapanaginipan ko pa rin.

<sup>82</sup> Nung bumangon na ako nung sumunod na umaga, sabi ko, “Buweno. . .” Ang unang-unang bagay na gagawin namin sa umaga pagkagising, ay mananalangin nang sama-sama, tapos mananalangin din kapag matutulog na kami sa gabi. At pagkatapos nung kumilos na ang maybahay ko para ihanda ang almusal ng mga bata, minabuti kong manalangin. Sabi ko, “Panginoon, napakasama kong tao. Ano itong nagawa ko sa buhay ko, na hindi ako—hindi ako makaalis-alis mula sa Public Service Company.”

<sup>83</sup> Kumilos na ako’t naligo na, at natapos na. At para bang may kung anong bagay na tila nagsasalita sa akin, “Marahil sa *Kanyang* trabaho ako nagpapatamlay-tamlay.” Sa isip-isip ko, “Heto nga’t maglilimang taon na rin akong walang ginagawa, hinihintay lang Siya lagi.”

<sup>84</sup> Haya’t nakatayo ako riyan nung isang araw. Tinayuan nila kami ng bagong bahay sa dakong ’yun, at sumadya nga roon si Kapatid na Mosley, ikinukuwento niya ’yun. Sabi ko, “Yan nga’y isang munting kaloob galing sa aking Ama.” At bigla na lang siyang umiyak. Sabi ko, “Kita mo, ang sabi Niya, ‘Kung iiwan n’yo ang inyong mga tahanan, pamamahay, lupain, mga ama, mga ina, pagkakalooban Ko kayo ng mga tahanan, lupain, mga ama, mga ina, at maka-sandaang ulit sa buhay na ito, at sa Walang Hanggang buhay na parating.’” Sabi ko, “Kita mo, kailangan kong iwanan ang tabernakulo na minahal ko nang husto. Yun ngang tahanan ko roon na ipinagkaloob sa akin ng Panginoon, kailangan kong iwanan. Pinagkalooban niya ako ng

isang ito rito.” Sabi ko, “Siya nga’y kahanga-hanga talaga, kita mo.” [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] At bigla na lang siyang umiyak.

<sup>85</sup> Buweno, sabi ko—sabi ko, “Kinakailangan kong pumunta sa dakong ito rito at ihiwalay ang aking sarili, magpunta sa ilang.” At sa isip-isip ko, “Bakit kaya dinadala ako ng Diyos sa ilang, dito sa dakong ito na wala namang narito kundi mga alakdan at mga bayawak na Gila?”

<sup>86</sup> Hindi lang po basta ilang, dahil sa mainit dun, pero maging sa espirituwal ay ilang din. Oh, naku! Ni walang espirituwal na buhay dun, sa mga kaiglesyahan, kinakalaban nila . . . Naku, wala pa nga kayong nakikitang tulad nun sa buong buhay n’yo! Ni walang simbahan dun na puwede nating puntahan, o ano man. At pagkatapos hayon ding . . . Yung mga tao ay halos magkandamatay na, sa espirituwal. Napansin ko ’yun sa mga tao na nanggaling sa dakong ’yun, nakikita ko ’yung naging dipirensya sa kanila, minamatyagan ko.

<sup>87</sup> At kapag mananatili ka naman sa ilalim ng Espiritu ng Diyos, haya’t ang buhay mo’y magiging kaluguran, kagiliwan, gaya ng tubig na nagpapasibol sa mga damo at malalambot na mga bulaklak na ito. Kung . . . itong mga damong ito, ay naroon sa Arizona, hindi nga magsisitubo; itong mga punong ito ay magiging cactus, ’yung mga dahon nila’y matutuyo’t magiging madikit na matinik. Yan ang mangyayari kung magiging tuyo kayo sa iglesya, ang bawat isa’y magiging tinik sa isa’t isa, alam n’yo na. At, kita n’yo, kinakailangan n’yo ng banayad na mga tubig galing sa ulan para papaging banayad kayo, at magusbong ng mga dahon at lilim para sa mga manlalakbay na magsisidaan.

<sup>88</sup> At kaya heto na nga’t may kung anong Bagay na nagsalita sa akin, “Marahil sa trabaho ng Diyos ka nagpapaliban.” Kaya, nanalangin ako para sa isang pangitain.

<sup>89</sup> At binigyan nga ako ni Meda nito lang ng bagong Biblia; at si Kapatid na—Kapatid na Brown, mula rito sa Ohio, binigyan din niya ako ng bagong Biblia; kapwa nila ako binigyan nang parehong panahon, nung Pasko. Nagpunta ako’t kinuha ko ’yung isa sa mga bago kong Biblia. Sabi ko, “Panginoon, nung mga panahong sinauna, may Urim at Thummim Ka.”

<sup>90</sup> Ngayon pakinggan n’yo po itong maigi, hayaan n’yong sabihin ko ito. Haya’t, hindi nila . . . ito’y, hindi dahil sa itini-teyp nila ang gawaing ito, ang dahilan kung bakit hinihiling ko . . . sinasabi ko ito. Hayaan n’yong sabihin ko ito, huwag n’yo pong pabayaan ’yun. Hindi ito magandang bagay.

<sup>91</sup> Pero sinabi ko nga, “Panginoon, noong araw po, kapag ang isang mapapanaginipin ay nanaginip ng isang panaginip, heto ngang idinudulog nila ’yun sa Urim at Thummim, at sinasaysay ’yun dun. At kung ang—kung ang Urim at Thummim

ay magpapaaninag ng liwanag, isang sobrenatural na Liwanag, ang panaginip ay totoo.” Sabi ko, “Pero ’yung pagkasaserdote at ’yung Urim at Thummim na ’yun ay lumipas na. Ang Biblia Mo ang Urim at Thummim na ngayon; Panginoon, nawa’y di ko na po ito gawin pang muli. Pero hinihiling ko po sa Iyo at idinadalangin sa Iyo, na bigyan ako ng pangitain, mangusap Ka sa akin kung bakit patuloy kong napapanaginipan ang mga panaginip na ito. At ano po ba ang aking nagawa? Kung may naagrabyado ba ako, kung may bagay ba akong nagawa sa isang tao sa mundo, Iyo pong ipaalam sa akin. Ako—ako—ako po’y pupunta at itutuwid ito. Kung may pagkaka utang ako sa Public Service Company, kung may bagay akong pagkakamali na nagawa sa kanila o kung sinumang tao, kung may bagay akong nagawa na mali sa Iyo, Iyo pong ipaalam sa akin. Nais ko—nais ko itong maituwid.”

<sup>92</sup> Ituwid n’yo na agad, ngayon. Huwag na kayong maghintay nang sa susunod na lang, baka huli na kasi ang lahat. Kumilos na kayo agad ngayon.

<sup>93</sup> Tapos sabi ko, “Tunay, may isang bagay dito sa Salita ng Diyos, mula Genesis hanggang Apocalipsis, may tauhan dito na kinaugnay Mo, na naroon din sa ganitong situwasyon at ito ang nais kong mapag-alaman. Kung may sinuman na nakagawa ng isang bagay, at—at Iyo siyang pinaalalahanan tungkol dun, hayan nga’t itulot Mo na maibuklat ko ’yun sa dakong ’yun ng Biblia. At kung mayroon mang isa, anuman ’yung nagawa nila, maisandig ko lamang dun ang situwasyon ko. Yun pong bagay na nagawa kong mali, o anuman na nilalayon Mo sana na aking gawin, o hindi ko nagawa, Iyong itulot na makita ko ’yun sa isang tauhan dito sa Biblia na katulad nun.”

<sup>94</sup> Tapos ipinikit ko ang mga mata ko, hinayaan ko lang na mabuklat ’yung Biblia, ipinatong ko lang ’yung daliri ko sa Kasulatan, Genesis 24:7. Si Eliezer, ang tapat na lingkod ni Abraham, ang huwaran na lingkod sa Biblia, na ipinadala para maghanap ng nobya para kay Isaac. May gumapang na lamig sa buong katawan ko. Tamang-tama, ’yun ’yung aking . . . sakto talaga sa natitira ko pang Mensahe ko, na kunin ang Nobya.

<sup>95</sup> Ang sabi niya, “Manumpa ka na hindi ka kukuha ng nobya sa kanila, bagkus magpunta ka sa sarili kong kamag-anakan.”

Sabi niya, “Papaano kung sakaling di ibigin ng babae na sumama sa akin?”

<sup>96</sup> Sabi, “Kung ganoon ay malaya ka na sa panunumpang ito.” Sabi niya, “At ang Diyos ng Langit ay magsusugo sa harapan mo ng Anghel Niya, para gabayan ka.” Siya nga’y naglakbay at nagsimulang manalangin, at nakatagpo niya ang magandang si Rebekah na naging nobya ni Isaac.

<sup>97</sup> Sadya ngang eksaktong Mensahe, na tumutugaygay dun sa Salita, “Humayo ka’t kunin ang Nobya!” Isa ’yung tungkulin.

Yan ang dahilan kung kaya't narito ako. Yan ang sinisikap kong gampanan, ang tawagin palabas ang Nobya.

<sup>98</sup> Naalala n'yo ba 'yung sa California noon, 'yung paunang pangungusap ng Nobya, paunang pagpapakita, na dumating sa akin dito. Kung papaanong 'yung Nobya ay nagpakitang una, at nakita Siya na dumaan. Pagkatapos heto nang dumarating sina Binibining Amerika, Binibining Asya, at lahat, oh, talaga namang di kaaya-ayang tingnan! At pagkatapos dumaan uli 'yung siya ring Nobya kanina. Yung isa sa kanila ay nalihis ng hakbang, at sinusubukan kong pabalikin Siya ng hakbang; dalawa po sa kanila, hayan nga. At 'yun nga ang dapat kong gawin, panatilihin ang Nobya sa tamang paghakbang, hanapin ang tao na 'yun.

<sup>99</sup> Sabi ko, "Diyos, ako po'y uuwi uli, ipapanauli ko ang aking mga panata uli, at magsisimula uli nang panibago." Kaya 'yan nga ang pinaplano nating gawin, 'yan ang dahilan at napunta ako rito.

<sup>100</sup> Sa palagay ko mainam nga kung gagawin na natin ito, simula sa a-disi otso, sa susunod na linggo, susunod na Linggo ng umaga, susunod na Linggo ng gabi; susunod na Linggo, at 'yung kasunod na Linggo. Ilan po rito ang sa palagay nila'y mainam na bagay 'yun? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Salamat po.

<sup>101</sup> Ngayon gusto ko pong gawin n'yo ang isang bagay sa akin. Kung may nasabihan na kayong mga tao na magkakaroon—magkakaroon ng pagtitipon sa a-beinte otso, maaari n'yo po bang sabihan uli sila, na hindi natin magagawa 'yun. Sabihin, sulatan n'yo sila ng liham, o kung ano pa. Hindi natin gusto na magpupunta 'yung mga tao't madidismaya lang sila, dahil di nga natin maarkila 'yung bulwagan.

<sup>102</sup> Kita n'yo, hindi talaga natin maarkila. At hayan nga rin po na nung huling pagtitipon ay napakarami natin dun, at lahat na, naisip tuloy nila. . . Alam n'yo naman po ang ibang mga tao, at sila. . . Buweno, sadyang nabubuhay na talaga tayo sa huling mga araw, 'yun nga 'yun. At sinasabi-sabi nila na 'yung mga nagsidaloy ay nagpunta dun at naabala nila ang eskuwelahan, at sila nga'y napaka-aga dun, at ginagawa raw nila *ito*, o *iyon*, o kung anu-ano pa, at 'yung lugar daw ay punung-puno ng mga tao, at kesyo *ganito* at *ganoon* ang ibinilin nung bumberong tagapangasiwa. At, buweno, alam n'yo.

<sup>103</sup> Haya't ating ilalahad nang maayos ang mga Mangkok na 'yan at mga Trumpetang 'yan, nais ko pong isaayos sila sa tama nilang pagkakaposisyon. Sinabi ko na sa inyo dati na gagawin ko. Iba't ibang paksa ang mga ito. Ang mga Mangkok ay isang paksa, maging ang pagtunog ng trumpeta; pero gusto nga natin na tugaygayin ang buong kabuoan nito nang dugtung-dugtong, at ilahad ito, pagdugtong-dugtong.

104 Ilan na po ang nakabasa nung alinman sa mga ginagawa ni Kapatid na Vayle, na isinusulat 'yun uli, at isinasaayos 'yun at inaayos ang pagbabaybay ng mga pangungusap nun para sa akin? May nabasa na ba kayo maski isa dun? May, dalawa o tatlo nga sa inyo. Sa palagay ko'y napakahusay ng trabaho mo, Kapatid na Vayle, talagang napakahusay na trabaho! Iyong, sa tingin ko si Kapatid na babaing Vayle pa nga ang tumatrabaho nun; at iyo lang isinusulat 'yun. Siya—siya nga'y. . . Kita n'yo, hindi naman talaga ako laging laban sa mga kababaihan, di po ba, Kapatid na babaing Vayle?

105 Kaya ngayon po'y atin nang, sa susunod na labing-lima, dalawampung minuto, magbasa tayo ng isang Kasulatan dito.

106 At may dala po ako ritong munting kuwaderno. Nabanggit ko, sa palagay ko, kay Kapatid na Vayle po, o, sino po uli 'yun, o sa palagay ko kay Roy Borders. Binigay sa akin ni Kapatid na Vayle ang kuwadernong ito. Gusto ko pong sulat-sulatan ito ng kaunting mga tala.

107 Pero kung may titingin nga rito sa sinasabi kong mga tala ko! Katulad na lang na kung gusto kong mangaral patungkol sa Tala sa Umaga, guguhit ako rito ng bituwin. At kung gusto ko namang mangaral patungkol sa. . . Isinusulat ko 'yung lahat ng 'yun dito ng pasimbolo, guhit-guhit dito, na walang kahit sino ang makakaintindi kung ano ba ito. Habang nasa biyahe kasi ako, at kapag may naiisip akong isang bagay, ang ginagawa ko, kapag nasa biyahe ako't nakasasakyan, minsan ay tumatalbog po kasi ang kotse nang taas-baba, at itatala ko rito 'yung isang *ito*, at sasabihin 'yung *ganito* at *ganoon*, at guguhit dito ng kung anong maliliit na simbolo, at krus at mga tulay, at—at lahat ng kung anu-ano. Kagaya na lang ng halimbawa'y gusto kong mangaral tungkol sa pagbaba ng Bituwin; at maglalagay ako rito ng piramide, iguguhit ko 'yun dito at lalagyan ko ng bituwin ni David na may limang-dulo na pababa roon. At alam ko na agad kung saan ako dadalhin nun sa Kasulatan sa paraan na 'yun; at si Moises, isang bagay na ginawa niya. Maglalagay lang ako rito ng parang mga turkey track, gaya nun.

108 May ilan pong isinulat ako rito. At naisip ko, nitong umaga, doon po nung naisipan ko na mangungusap ako patungkol sa paksang ito rito nang ilang minuto, sa isang tala, siguro po'y aabutin ako ng dalawampung minuto.

109 At hayan nga't hindi ko kukunin ang oras ni Kapatid na Neville para sa gawaing ito ngayong gabi. Ako—ako—ako po'y mamamahinga sa gabing ito, makikinig sa kanya.

110 At pagkatapos, kung loobin ng Panginoon, sa susunod na Linggo ng umaga sisimulan na natin ang gawain. At lahat po kayo'y tumulong sa akin, at manalangin po, dahil narito po talaga sa puso ko na sikaping. . . Sabi kasi nila, “Buweno, puwede naman tayong magpunta ng Louisville o puwede rin

tayong magpunta sa New Albany.” Pero ang pagtitipong ito ay para talaga sa Jeffersonville. Magpupunta’t magpupunta po ako sa Louisville at New Albany, sa alinmang pagkakataon, pero ito po’y para talaga sa Jeffersonville.

<sup>111</sup> Ngayon iyuko na po natin ang ating mga ulo pansumandali habang tayo’y. . . Ako po’y nangungusap na sa inyo rito nang halos magtatatlumpung minuto na. Tayo’y mangusap lamang po sa Kanya nang ilang sandali.

<sup>112</sup> Panginoong Jesus, kami po’y—kami po’y tunay ngang mga pinagpalang mga tao, lampas sa aming iniisip, lampas sa aming inaakala. Mangyari pong, kung mayroong maharlikang tao sa kalagitnaan namin, na katulad na lang na isang personalidad mula sa ibang bansa, o isang diplomata na maituturing, iisipin po namin na isang malaking karangalan ’yun na may taong maharlika sa kalagitnaan namin. Pero ngayon ang nasa gitna po namin ay ang Diyos ng Langit, at di lang basta nasa gitna namin, haya’t nasa loob namin, narito sa loob, ipinamumuhay ang Kanyang Buhay sa pamamagitan namin. At kami nga’y abot-abot ang pasasalamat dahil dito, Panginoon! Lampas po talaga ito sa abot ng aming inaakala, siyanga.

<sup>113</sup> Subalit ngayon po na pinag-uusapan namin ang tungkol sa mga gawaing ’yun, at pagpunta sa Aprika, at mga bagay-bagay na sinusubukan naming paghandaan sa mga ilang araw na ring ito sa dakong ito ng Indiana. At marahil may dahilan o kung ano, Panginoon, marahil Ikaw po ang nagbubunsod sa amin sa toldang ’yun, para tuparin ang pangitain na ’yun. Kaya naman mangyari nawa ang kalooban Mo, ipinagkakatiwala namin ito sa paraang ito, sa abot ng aming pagkaunawa. Kaya dalangin namin, Panginoon, kung may anumang bagay na salungat sa Iyong kalooban, Iyo pong ipaalam ito sa amin, nang sa gayon malaman namin at gawin ang sakdal Mong kalooban.

<sup>114</sup> Ngayon Iyo po kaming pagpalain sa susunod na ilang mga minutong ito. Ika’y mangusap sa amin sa pamamagitan ng Iyo pong Salita, Panginoon, dahil ang Salita Mo ay Katotohanan. Hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Bumuklat po tayo sa Biblia, sa Marcos, ika-8 kabanata.

<sup>115</sup> Anong oras kayo kadalasang nagpapalabas, alas dose ba? [May nagsasabi, “Mga bandang alas dose po.”—Pat.] Sige. Ngayon, ngayon isa lamang pong maiksing Mensahe rito na aking ipangungusap sa inyo patungkol sa Salita, matapos kong ipatotoo ang tungkol dun, at iba pa.

<sup>116</sup> Marcos, sa ika-8 kabanata, at simulan po natin sa banda rito sa ika-34 na talata, hanggang sa ika-38, tutugaygay tayo sa ika-38, hanggang sa dulo ng kabanata. Nais kong basahin ang sinabi Niya rito, dahil alam kong totoo po ito. Ngayon ating. . .

*At pinalapit niya sa kaniya ang karamihan pati ang kaniyang mga alagad, at sa kanila’y sinabi, Kung ang*

*sinomang tao ay ibig sumunod sa akin, ay tumanggi sa kaniyang sarili, at pasanin ang kaniyang krus, at sumunod sa akin.*

*Sapagka't ang sinomang magibig iligtas ang kaniyang buhay ay mawawalan nito; . . . sinomang mawalan ng kaniyang buhay dahil sa akin at sa evangelio, ay maililigtas yaon.*

*Sapagka't ano ang mapapakinabang ng tao, na makamtan ang buong sanglibutan, at mapapahamak ang kaniyang buhay?*

*Sapagka't anong ibibigay ng tao na katumbas ng kaniyang buhay?*

*Sapagka't ang sinomang magmakahiya sa akin at sa aking mga salita sa lahing ito na mapangalunya at makasalanang; ay ikahihiya rin naman siya ng Anak ng tao, pagparito niyang nasa kaluwalhatian ng kaniyang Ama na kasama ng mga banal na anghel.*

117 Nais ko pong kumuha ng maliit na teksto mula riyang, kung matatawag ngang ganun, ito ngang: *Magmakahiya*. Alam n'yo, gusto ko po 'yan. "Sinomang magmakahiya sa Akin at sa Aking mga Salita, Akin siyang ikahihiya."

118 Ngayon, ang salitang *magmakahiya* ay puwede ring isalin sabihing "mapahiya." Alam n'yo nga, 'yung bang parang kayo ay. . . Humaharap kayo sa isang bagay na parang hiyang-hiya kayo, ikinahihiya n'yo.

119 Heto't, isa pang bagay na ibinubunsod ng pagkahiya, ay ipinapakita nga nito na di kayo sigurado sa sinasabi n'yo. Kung alam mo kasi ang sinasabi mo, at may katiyakan ka na may kabatiran ka sa sinasabi mo, magagawa mong ipagsabi 'yun sa kahit sino; hindi ka mahihiya. Pero kung pakiramdam mo nga'y parang wala kang koneksyon, wala ka sa lugar, ipinapakita lang n'yan na hindi ka sigurado.

120 Mapapansin n'yo nga na talamak 'yan sa panahon ngayon, lalo na sa paksang ito na ipinapangusap ko, "*magmakahiya sa Salita*." Ngayon, Siya at ang Salita ay iisa.

*Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Dios, ang Salita ay Dios.*

*At nagkatawang-tao ang Salita, at tumahan sa gitna natin, . . . Siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman!*

121 Kaya naman, "Sinuman na magmakahiya sa Akin at sa Aking Salita," at Siya at ang Kanyang Salita ay Isa, kaya ang magmakahiya sa Kanyang Salita sa makasalanang, henerasyon na ito sa kasulukuyang panahon, "Akin siyang ikahihiya."

<sup>122</sup> Ngayon sa panahon natin ngayon mapapansin natin, kung may magtatanong, “Isa ka—isa ka bang Cristiano?” Kadalasan ang isasagot talaga, sasabihin, “Oh, isa akong Cristiano!” Kita n’yo?

<sup>123</sup> “Pero naniniwala ba kayo sa Salita ng Diyos, kung saan sinabi Roon, ‘Ang mga tandang ito ay lalaking sa kanila na mga nagsisisampalataya?’”

<sup>124</sup> “Oh!” Maski mukha ng mga ministro’y mamumula talaga, Kita n’yo?

<sup>125</sup> Ikinahihiya n’yo ba itong, sabihin na lang natin, ito pong Makalangit na pagpapagaling? Ikinahihiya n’yo ba itong buong Ebanghelyo? Ikinahihiya n’yo ba ang karanasang pentecostal? Pagmamakahiya na ’yan agad sa Kanyang Salita. Yan kasi ang Kanyang Salita na nagsalaman sa inyo.

<sup>126</sup> Hayan nga’t, ang Kanyang Salita ay nararapat lamang na ipamuhay ang Kanyang Sarili sa bawat henerasyon. Ibinuhay Nito ang Kanyang Sarili nung panahon ni Moises. Dahil, sa panahon na ’yun noon, sinabi nga ng Biblia, sa Mga Hebreo, sa unang kabanata, “Ang Diyos, sa unang panahon at iba’t ibang paraan ay nagsalita sa ating mga magulang sa pamamagitan ng mga propeta.”

<sup>127</sup> At ’yung mga propetang ’yun! Ang iglesya nga’y nabaluktot na nang husto na noong... Ang mga propetang ito, itong matatampang na mga mensaherong ito ng Diyos, ay nagsidating ng wala man lang simbahan, walang denominasyon, walang organisasyon, walang kahit na ano; sinalungat ang mga hari, mga kaharian, mga kaiglesyahan, at lahat na. Noong ang mga saserdote’y iharap sa... Nang sila’y iharap sa mga saserdote, di sila nahiya, dahil taglay nila ang tahasang GANITO ANG SABI NG PANGINOON.

<sup>128</sup> Kung mapapansin n’yo, ang propeta po, sa isang diwa ng salitang ’yun, sa Lumang Tipan, kapag sasabihin niya GANITO ANG SABI NG PANGINOON, ngayon hayan nga’t matyagan n’yo siya, pumapaloob siya sa pariralang ’yun na lumulugar siya sa posisyon ng Diyos. Mapapansin n’yo, kapag sasambitin niya muna ’yun bago siya may sabibihin, GANITO ANG SABI NG PANGINOON, siya nga’y pumapaloob mismo sa Diyos, at kumikilos siya bilang Diyos. Pagkatapos kanya nang ilalahad ang kanyang Mensahe, na ang Diyos mismo na nangungusap sa pamamagitan niya, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON!”

<sup>129</sup> Nakikinita ko nga ’yung mga propetang ’yun ng sinaunang panahon, kapag sila’y dumarating dala-dala ang Mensahe na ’yun, at pinapahiya Nito ang mga hari, at nagdudulot Ito ng pagkabalisa sa mga tao. Yung mga saserdote, maging sila, sila nga’y nakakaramdam ng pagkabalisa, dahil sila dapat ang mga pinuno, mga relihiyosong tao, at kapag sila...ang Salita ay



darating sa ganoong paraan, inilalantad sila Nito, at sila nga'y napapahiya, o ikinakahiya.

<sup>130</sup> At maraming beses na nakikita natin 'yan, hindi lang basta marami, kundi madalas pa nga ngayon! Na may tao, sasabihin n'yo, "Isa akong Cristiano!"

"Natanggap mo na ba ang Espiritu Santo magmula nang manampalataya ka?"

"Oh! Huh!" Kita n'yo, kanilang—kanilang ikinahihiya Ito.

<sup>131</sup> May magsasabi, "Kabilang ka ba dun sa grupong 'yun na panay paghihiyawan, at panay Makalangit na pagpapagaling?" Kadalasan nga, napapaatras ang mga Cristiano.

<sup>132</sup> Ang gusto nilang ipagsabi, kung—kung may denominasyon nga sila, hayan nga, "Baptist ako. Presbyterian ako. Lutheran ako." Hindi nila 'yun ikinahihiya.

<sup>133</sup> Pero pagdating sa pagiging Cristiano na pinanghahawakan ang Salita ng Diyos sa kung ano lamang Ito, haya't kanilang—kanilang—kanilang ikinahihiya 'yan. "Hindi ako kabilang sa anumang denominasyon," kita n'yo, sila, kanilang—kanilang ikinahihiya na sabihin 'yan. Nahahawa't nagagaya sila sa iba pa sa sanlibutan, na kinakatawan ng kung anong organisasyon.

<sup>134</sup> Ngayon, humantong na ngayon sa ganito. Noong panahon ni Luther, ang ipakilala mo ang iyong sarili na Lutheran o tagasunod ni Luther, buweno, halos kamatayan na nga ang ibig sabihin nun sa iglesya Katoliko. Sa panahon naman ni Wesley, ang mapag-alaman na kinakalaban mo ang iglesyang Anglican, halos parusang kamatayan na nga ang ibig sabihin nun sa mga Anglican, ang ipakilala ang iyong sarili na isa kang Methodist. Sa panahon noon ng Pentecostes, isang kahihyan, halos, ang sabihin na ikaw ay—ikaw ay isang pentecostal, dahil ibibilang ka nila agad na isang holy-roller, o—o kung anong nagsasalita-sa-ibang-wika, o parang ganun. Ngayon nagsipag-organisa na sila't sumali na rin gaya ng iba pa sa kanila sa grupo.

<sup>135</sup> Ngayon kapag dumating na ang oras ng pagtawag-palabas, na hindi ka na nga maibibilang pa sa anuman diyan! Usong-uso na kasing sabihin ngayon na, "Isa akong Pentecostal." Uso na ngayon 'yung sabihin, "Isa akong Presbyterian. Lutheran." Pero ano na kaya kung oras na para marapatin mong lumabas at manindigan para sa Salita, "Hindi ako kabilang sa anuman sa mga ito"? Mangyaring, mangyaring ikahihiya.

<sup>136</sup> Ang sabi ni Jesus, "Ngayon, kung ipagkahiya ninyo Ako, ay ikahihiya Ko kayo." Bakit Niya kayo ikahihiya? Inaangkin n'yo kasi na kayo'y sa Kanya, samantalang hindi n'yo naman Siya sinusunod.

<sup>137</sup> Ano kaya kung sabihin ko, "Itong maliit na batang paslit dito, siya'y—siya'y anak ko"; tapos babaling siya at sasabihin,

“Sino, ako anak mo? Ano ’yang iniisip mo na ano kita!” Ako nga’y mapapahiya. Mapapahiya ka, sa iyong anak.

<sup>138</sup> At ganyan na ganyan ang nangyayari sa mga tinaguriang ka-Cristianuhan daw sa panahon ngayon. Kung papangalanan n’yo ’yun ng pangalan ng isang denominasyon, hayon nga’t, tatanggapin nila ang pagka-ama ng denominasyong ’yun. Pero pagdating sa tatanggapin ang pagka-ama ng Salita ng Diyos, Cristo, hindi, ikinahihiya nila. Ayaw na ayaw nilang sabihin, “Oo, nakakapagsalita ako sa iba’t ibang wika. Oo, nagkakaroon ako ng mga pangitain. Oo, nananampalataya ako sa Makalangit na pagpapagaling. Oo, pinupuri ko ang Panginoon. Malaya ako sa lahat ng organisasyon, hindang-hindi ako yuyuko sa anumang diyani. Isa akong lingkod ni Cristo.” Oh, grabe, para bang ang pakiramdam nila’y hinihiwa sila na magkagutay-gutay.

<sup>139</sup> Nung isang gabi, may isang magaling na tagapagsalita na galing sa hanay ng Full Gospel Business Men sa Chicago.

<sup>140</sup> Hayaan n’yong huminto muna ako rito pansumandali, para sabihin ito. Paumanhin po. Pero kadalasan nga iniisip n’yo, at maging ako’y ganooon din, na itong ipinapangusap natin, na Katotohanan ng Biblia, ay hindi ito nakakarating sa mga tao. Pero, nakakarating po Ito. Minsan para bang binabale-wala nila Ito, pero di talaga ’yun ang nararamdaman nila para dun. Gusto lang nilang subukan kung pinaninidigan mo lang talaga ito nang husto.

<sup>141</sup> Kagaya na lang nung kuwento tungkol sa umpukan ng mga lasenggo, na nagtatalo-talo sila na wala raw ganoong bagay na sinasabi ng ilan na pagiging Cristiano. Sabi nung isang lalaki, “May kilala akong isa, ang asawa ko.”

Sabi, “Buweno, hindi ako—hindi ako naniniwala ryan.”

Sabi, “Halikayo, tayo’y . . . umakto tayo na kunwari lasing na lasing tayo.”

<sup>142</sup> Nagpunta na sila sa bahay, at ginawa na nila ang lahat ng magagawa nila. At—at inutusan nila na ipagluto sila ng itlog, at pagkatapos ibabalibag lang nung lalaki sa sahig, at sasabihin, “Pagbutihin mo naman ang pagluluto sa itlog ko’t di ganyan!” Patuloy sila sa buong kabahayan. Tapos nagpunta sila dun sa kabilang kuwerto, nakabalibag ’yung upuan. May narinig sila na sinisinop ’yun, hindi nagrereklamo, bumubulong, umaawit ng munting awit sa kanyang sarili.

Papasanin na lamang ba ni Jesus nang mag-isa  
ang krus,  
At sa buong sanlibutan ay walang kahit isa na  
magpapasan?  
May krus sa bawat isa sa atin,  
At may krus maging para sa akin.

At ang krus na inilaan ay aking ipapasan,  
 Hanggang sa kamatayan ako'y pakawalan sa  
 aking pasan-pasan,  
 At ako'y uwi na sa tahanan na ang ulunan ay  
 napuputungan.

<sup>143</sup> Yung matandang lasenggo nga'y ang sabi niya, "Anong sinabi ko sa inyo?" Sabi, "Isa nga siyang Cristiano!" Kita n'yo, sinusubukan lamang nila siya. At minsan nga ang sanlibutan, gaya ng natuklasan ko, ay sinusubok ka lamang.

<sup>144</sup> Hayan nga po't hindi ko inaasahan na mangyayari ito, pero nitong Sabado lang ng gabi, sa pagkakaalala ko, o Linggo yata ng gabi, ito pong magaling na tagapagsalitan ito. . . Hindi ko po ugali na magbanggit ng pangalan ng mga tao. Pero sinisikap nga niya, kabaligtaran ang sinisikap niyang gawin. Sinisikap kong ilayo ang mga kaiglesyahan sa ekumenikal na pagkilos na 'yun, at ang lalaki namang ito'y sinisikap niyang ilagay sila dun. Kaya, heto na nga't tagapagsalita siya para sa Christian Business Men. Na, ako nga dapat ang nagdadaos ng pagtitipon na 'yun sa Chicago, at napag-isipan ko namang magpunta ng Aprika nung mga panahong 'yun, kaya hindi ko 'yun naidaos. Ito ngang lalaking ito ang sabi niya, umakyat siya dun at ang sabi, "Ang pinaka malaking pagkilos, pinaka malaking bagay sa mundo ngayon, mula pa noon; ay ang lahat ng kaiglesyahan ay nagsisipagbalikan na sa iglesya Katoliko, sa ekumenikal na pagkilos na 'yun, at ang mga Katoliko ay tatanggap ng Espiritu Santo." Grabeng patibong ng diyablo!

<sup>145</sup> At kaya ito pong pinaka pinuno, si Kapatid na Shakarian, ang presidente ng International Business Men, tumayo siya't ang sabi, pagkatapos na makaupo na 'yung lalaki, sabi, "Hindi ganyan ang narinig namin tungkol diyan." Sabi, "Ang sabi sa amin ni Kapatid na Branham, na, 'Ang ekumenikal na pagkilos na ito ang magdadala sa kanilang lahat sa tanda ng hayop.'" At nakaupo nga 'yung lalaki sa may entablado. Sabi, "'Dadalhin nito ito sa tanda ng hayop.'" At sabi, "Kami ay nakakiling na sampalatayanan ang sinabi niya na Katotohanan." [May isa na nagsalita sa kongregasyon, "Amen! Maging kami!"—Pat.] At ang sabi niya, "Ilan sa inyo ang nagnanais na makapakinig kay Kapatid na Branham na pupunta siya rito't ibibigay sa inyo ang tunay na panig patungkol dito? Magtaas ng kamay." At may nasa limang libong katao halos. Nagsigawan sila't umiyak, para makapunta ng isang araw, isang araw.

<sup>146</sup> Tinawagan ako ni Kapatid na Carl Williams, ang sabi, "Kapatid na Branham, grabe, nagpunta ako sa dagsa ng mga taong naroon," sabi, "talagang naglapag sila ng patong-patong na mga tig-iisang daang dolyar sa mga kamay ko, mabilhan ka lang ng tiket sa eroplano papunta dito, at pabalik." Kita n'yo, para sa isang araw lang na 'yun!

147 Kita n'yo, ang mga taong 'yun, ang Salita nga'y tumitimo sa mga dako na kung minsan ay di natin inaasahan. Kita n'yo? Pero, kita n'yo, kapag kayo talaga'y. . . Kahit gaano pang laban ang sanlibutan Dito, gaano pang laban ang mga denominasyon Dito, ang Diyos nga'y pinapatotohanan Ito na Katotohanan talaga. Kapag tumiktak na sa wakas ang dakilang oras, may mga bagay na mangyayari na hindi natin naiisip.

148 Oo, ipinapakita nun na hindi ka sigurado, kung ikinahihiya mo, kaya mas pipiliin mo na lang na hindi na talakayin ang paksang 'yun. Kung ikahihiya mo kasi 'yun, di mo nga gustong talakayin pa 'yun; aayaw ka.

149 Papaano ngang ang isang tao na puspos ng Espiritu Santo, papaanong ang isang tao na punung-puno ng Kapangyarihan ng Diyos, at ang pag-ibig ng Diyos ay nasa kanyang puso, ay makikipag-usap sa isang tao nang ilang minuto at di man lang niya nababanggit ang tungkol sa pag-ibig na 'yun na nasa puso niya? Kita n'yo, may kung anong bagay na nagbubunsod dun—dun na mangyari; hindi mo mapipigilan.

150 Ito na talaga, ang masamang panahon na 'yun na tinutukoy ni Jesus. Ang mga tao'y ikinahihiya ang Salita at ang Espiritu ng Diyos na kumikilos sa loob nila. Pero kung ang Katotohanan nga ay pinaging malinaw na sa mga tao, ang Diyos, Mismo, ang maghahayag sa Kanyang Sarili sa pamamagitan ng Salita.

151 Ngayon, kahit sino namang tao ay kaya niyang umimbento ng kung anu-ano lang na pag-aangkin. At mayroon tayo n'yan sa huling mga araw na ito, kung saan maraming pag-aangkin ang inaangkin, na anupa't grabe na talaga. Pero, nakita n'yo, kung may Katotohanan talaga, tunay na sa pamamagitan 'yun ng Salita. Haya't, sinasabi-sabi nila na may kung anu-anong bagay raw sa kanila, na may langis pa na umaagos sa mga tao, at dugo mula sa kanilang kamay, at ang mga kababaihan ang likod nila'y may dugo nito, at dumadaloy hanggang sa kanilang mga sapatos, at itataas nila ang kanilang mga sapatos at may lalabas na langis mula dun, at mga palakang nagsisilundagan at nagsisitalunan sa entablado, at lahat ng kung anu-ano pang gaya nun. Walang ganyan sa Biblia. Walang ganyang pangako ng kung anong katulad n'yan, sa Biblia. Ang tangi lamang, na sinabi Nito, "Sa huling mga araw, ang espiritu ay magiging magkatulad na magkatulad na anupa't ililigaw pati ang mga Hirang kung maaari." Pero wala pong Kasulatan para dun sa ganoon.

152 Pero pagdating nga sa tunay, di-nahaluang Salita ng Diyos, na pinapatotohanan ng Diyos, Ito'y nagiging parang kahihyan sa kabilang grupo, maging sa panig ng kalabisan. Kita n'yo, ikinahihiya ang tungkol Dito.

153 Pero Ito'y realidad sa isang lalaki o babae, batang lalaki o batang babae, na tunay na isang tunay na Cristiano. Kapag ang

Diyos mismo ang nangako ng bautismo ng Espiritu Santo, at natanggap mo Ito, may kung anong Bagay naalagi sa iyo, na wala na ngang kahit anong bagay ang maipagpapalit pa Rito. Kapag ang isang tao ay tunay na nakatagpo niya ang Diyos; hindi sa kung anong maka-emosyon lang na pagpapakita, kung anong pakitang-gilas, o kung anong makarelihiyong doktrina, o kung anong katesismo o kredo, o anumang dogma na tinanggap niya para lang—para lang pagaanin ang kalooban niya, bagkus kapag tunay talagang nakadako siya sa isang lugar gaya nung nangyari kay Moises, sa likurang bahagi ng ilang, nakalapit nang harap-harapan sa Diyos na Makapangyarihan sa lahat, at saksi ka mismo sa Tinig na nagsasalita sa iyo, nang eksakto patungkol sa Salita at sa pangako para sa panahong 'yun, may kung anong bagay nga Ito na ibinunsod sa iyo! Kita n'yo, na di mo talaga Ito ikahihiya, may kung anong bagay kasi Ito na ibinunsod sa iyo. Ngayon, atin pong tingnan ito ngayon, sa susunod na labing-limang minuto.

<sup>154</sup> May ilang mga tao na nakatanggap talaga sa ganitong uri ng karanasan. At sa aking pangungusap sa inyo sa araw na ito, hindi po bilang iglesya o bilang denominasyon, nangungusap ako sa inyo bilang isang indibiduwal; hindi dahil sa dumadalo kayo rito sa tabernakulo, ni dahil sa iniibig ko kayo at iniibig n'yo ako, hindi po dahil diyan. Itulot n'yo na mangusap ako sa inyo bilang isang taong mamamatay, na darating ang araw na kayo ay hahantong sa dulo ng buhay rito. At marahil ako'y wala roon, at ang ibang mangangaral ay marahil wala roon, Pero may tanging Isa na Siyang siguradong kakatagpo sa inyo roon, at 'yun ang Diyos. At inyo—inyo ngang pakinggan Ito, at di 'yung “mabuting Cristiano ang asawa kong babae” o—o “mabuting Cristiano ang asawa kong lalaki,” kundi, “Ako ba'y tama sa Diyos? Akin na bang nakatagpo ang Diyos gaya nun?” Hindi dahil sa “nakatagpo ng pastor ko ang Diyos,” o dahil sa “nakatagpo ng diyakono ko ang Diyos,” kundi, “Akin na bang nakatagpo Siya?” Hindi dahil sa “Ako kasi'y nakasigaw,” hindi dahil sa “Ako kasi'y nakapagsalita sa iba't ibang wika,” pero dahil nga sa, “Akin Siyang nakatagpo nang Personal!” At sa ganoon nga'y hinding-hindi n'yo na Ito ikahihiya pa, may kung anong Bagay na sadyang sakdal at dalisay, at totoo.

<sup>155</sup> At tandaan n'yo, maaaring may makatagpo kayo na isang espiritu na ang kilos ay parang sa Diyos. Maaari nga kayong makatagpo ng isang espiritu, na gagawin *ito*, *iyon*, o *iba pa*; iyo ngang subaybayan at tingnan n'yo kung ito ba'y humahambing talaga sa Salita ng Diyos. Maaari kasing makatagpo kayo ng isang espiritu na sasabihin sa inyo na ligtas kayo, at bibigyan kayo ng kung anong maluwalhating pakiramdam, at kayo nga'y makasisigaw at makahihiyaw; pagkatapos hahantong din na ang Salita ay itinatangi, papaano ngang ang Espiritu Santo, na nagsulat ng Salitang ito, ay itatanggi ang Kanyang Sariling

Salita? Ang Espiritung 'yun ay kinakailangang sumang-ayon nang may diin sa bawat pangako ng Diyos sa pamamagitan ng “amen”! Kung hindi, hindi n'yo pa nakatagpo ang Diyos, ang nakatagpo n'yo ay espiritu na mapanlinlang. At talamak na nga 'yan sa sanlibutan ngayon!

<sup>156</sup> Pero kapag ang nakita n'yo ay Diyos na bumaba't naglahad ng isang pahayag, na Kanyang gagawin ang isang naturang bagay, pagkatapos dumarating at ginagawa 'yun, muli't muli, haya't ang natanggap n'yo nga ay ang tunay na Espiritu ng Diyos.

<sup>157</sup> Papaanong mangyayari na ang Espiritu ay sumasa isang tao, ang Espiritu Santo na sumulat ng Biblia, at pagkatapos ay babaling at itatanggi, “Hindi 'yan totoo, para Yan sa ibang panahong nagdaan”?

<sup>158</sup> Ang sabi Niya, “Ang pangako ay sa inyo, at sa inyong mga anak, at sa lahat ng mga nangasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Diyos.” Yan nga ang Mga Gawa 2:38. Papaano ngang ang isang espiritu ay tatanggap ng ibang bagay liban Doon, at ituring na sa Diyos pa rin, samantalang sinabi ng Mga Hebreo 13:8, “Si Jesus Cristo ay siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman”?

<sup>159</sup> Ano kaya kung may magsabi, “Oh, naniniwala ako na isa Siyang pilosopo. Isa Siyang mabuting tao. Isa Siyang propeta. Pero kung pag-uusapan ang kapangyarihan na nasa Kanya. . .”

<sup>160</sup> Kau-kausap ko po nung isang gabi si George Smith, 'yung binata po na kasintahan ng anak kong babae, na si Rebekah; isang mainam na binata, umawit siya rito sa tabernakulo. Isang Baptist na binatang nanindigan. . .sabi, “Alisin n'yo riyang ang pangalan ko! Ayaw kong magkaroon ng kinalaman diyan.” At may isang kabataang babae nga roon. . .May pagpupulong sila dun, sa naturang iglesyang Baptist na ito, sa may burol.

<sup>161</sup> At—at sila nga'y mariing kumakalaban sa akin, lahat sila dun, at tungkol sa di. . .Wala naman silang anumang masabi na laban sa akin; kundi laban sa Salita. Ako, bilang tao, wala silang anumang masasabing laban sa akin, wala naman kasi akong ginagawang anumang hindi maganda sa kanila. Pero *Ito* nga ang pinangingilagan nila. Kita n'yo? Ngayon kami'y. . .

<sup>162</sup> Sila nga'y nagdadaos ng pagtitipon sa dakong 'yun, ang ibig kong sabihin, at sila nga'y, nag-imbita ng misyonero para sa huling tatlong gabi ng malakihang pagpupulong na 'yun, sa dakong itaas na 'yun sa mga burol kung saan may kalamigan. Mangyari ngang, ang misyonerong ito'y umakyat na roon at bumuklat sa Marcos 16, at sabi niya, “Maraming tao ngayon ang di makapaniwala sa Makalangit na pagpapagaling.” Sabi, “Noong nasa India ako. Isa po akong taga-India. At ako'y nasa India noon nung may isang lalaki rito sa Estados Unidos, na nanggangalang Kapatid na Branham, ang nagpunta.” Akma

ngang palapit na 'yung pastor. Sabi, “Ang asawa ko’y halos mamatay na noon sa kanser. Isa akong bulag,” o parang ganun. “Ipinanalangin niya ang isa sa amin, at ang isa’y tinawag niya mula sa mga narooing nakikinig, nang di man lang nalalaman ang lingguwahe namin, at nagsalita siya sa Kapangyarihan ng Diyos.” At ang sabi, “Heto nga kami, magaling na!” Buweno, sinubukan nilang patahimikin siya. Di nga nila nagawa. Yun nga’y, kita n’yo, sa sarili nilang pagtitipon mismo.

<sup>163</sup> Pagkatapos kanilang itinanggi ang lahat ng 'yun. At ilan sa mga tao roon, maging 'yung aking. . . 'yung kapatid na babae nung binatang 'yun, naroon nga sila sa dakong 'yun, hindi sila pinayagang magsalita ng kung anuman. Gusto nilang malaman kung siya ba’y walang kaugnayan, haya’t ginawa nila ang lahat ng magagawa nila para malaman talaga.

Sabi nung isa sa mga kababaihan, “Buweno, naniniwala ako roon.”

<sup>164</sup> Pinuntahan nina Rebekah at George 'yung kabataang babae na ito. At nagpunta siya’t nagdala ng isang batang babae na may sakit na—na. . . may pagka-retarded, nang kaunti. Kaya pinapunta nila ako para matingnan 'yung naturang batang babae, nung isang gabi. At nagpunta ako, nakaupo dun 'yung batang babae, at sabi ko, “Isa ka bang mananampalataya?”

<sup>165</sup> Sabi niya, “Hindi, hindi ko alam kung mananampalataya nga ba ako o hindi.” Buweno, hindi pala siya retarded; espiritu pala ng diyablo 'yun. Hindi nila 'yun namamalayan. Kita n’yo, inaalihan kayo, at di n’yo 'yun nalalaman. Sasanib 'yun, tapos magiging bayolente na 'yung naturang tao, at di man lang nila 'yun namamalayan.

<sup>166</sup> Mga kababaihan na nagsisipaglakad dito sa lansangan, na suot-suot ay shorts, hindi nga nila namamalayan. Maaari nga nila, maaari nga nilang patunayan at manumpa sa bagay na 'yun, na hindi sila gumawa ng anumang bagay na masama laban sa kanilang asawang lalaki, o kung anu-ano pa, katulad nun. Pero sa kanilang puso, hindi nila namamalayan, haya’t sinaniban na sila ng espiritu ng diyablo. Inaalihan sila nun. Bakit nga gugustuhin ng isang babae na maglalalad siya ng suot, sa harap ng isang lalaki? Isang tauhan lang ang gumawa nun, sa Biblia, at sila’y wala sa tamang pag-iisip. Samantalang ang iba’y sinisikap nilang madamitan sila nang husto; di nila namamalayan 'yun. Tunay na tuso, masyadong mapaglinlang! Kinakailangan n’yong magmatyag, timbangin n’yo ang inyong sarili sa Salita ng Diyos, at tingnan n’yo kung saan nga kayo nakatindig.

<sup>167</sup> Ito ngang kabataang babaing ito sabi niya, “Oh, sinabi nila sa akin na nabautismuhan naman ako noon nung bata pa lang ako.” Sabi, “Kaya di ko alam kung makapapanampalataya ba ako sa bagay na 'yun o hindi.”

Sabi ko, “Hindi ka ba nananampalataya kay Jesus Cristo?”

168 At sabi niya, “Buweno, hindi ko alam kung naniniwala nga ako o hindi.” Sabi niya, “Yang mga hokus-pokus na ’yan, hindi ko ’yan pinaniniwalaan.”

169 Sabi ko, “Buweno, siyanga nama’t di ka dapat maniwala sa mga hokus-pokus na bagay.” Sabi ko, “Pero nananampalataya ka ba na Siya ay Anak ng Diyos?”

“Oh,” sabi, “Siguro’y ganoon nga Siya.”

170 Sabi ko, at sabi ko, “Nananampalataya ka ba na Siya’y siya pa rin ngayon, Diyos na magliligtas sa iyo?”

171 Sabi niya, “Ang tinutukoy mo ba ay ’yang mga bagay na ’yan patungkol sa mga himala at kung anu-anong bagay na gaya n’yan? Hindi ako naniniwala sa ganyan.”

172 At kaya ang sabi ko, “Ano ang gagawin mo kung ika’y mauupo sa isang pagtitipon at makikita mo ang Diyos, ang Espiritu Santo, na siyang nag-iisang Diyos, na kumikilos sa kalagitnaan ng mga tao; ang Diyos sa pagiging Ama, Haliging Apoy, at mga propeta; Diyos sa Kanyang Anak; tapos Diyos sa Kanyang mga tao? Ang mga ito’y katangian nga ng Diyos, isang dakilang Diyos na Siyang may sakop sa Walang Hanggan.” Sabi ko, “Ano kaya kung makikita mo Siya, sa kalagitnaan ng Kanyang mga tao, kumikilos na ang—ang bulag ay makakita, ang bingi ay makarinig, tatanaw sa karamihan ng mga taong naroon at sasabihin sa mga tao kung anong suliranin sa kanila, at kagaya nga ng kung anong ginawa Niya noon nung Siya’y nasa lupa pa?”

Sabi niya, “Sa palagay ko’y horoscope lang ’yan.”

173 Sabi ko, “Ikaw nga’y nasa isang mas kalunos-lunos na kalagayan kaysa sa inaakala ko. Mas mabuti siguro kung ika’y isang baliw lang sana, kita mo, hindi ka pananagutin.” Pero sabi ko, “Ikaw nga’y inaalihan ng masamang espiritu.” Sabi ko, “Nung sabihin ni Jesus sa babaing ’yun sa may balon ang tungkol sa kanyang mga asawang lalaki, noong tumingin Siya sa mga tao roon at mapagkilala ang iniisip nila, matatawag mo ba ’yung horoscope?” Kita n’yo, sadya ngang nababalutan ng kung anong pagka-denominasyon, sa pagka-Lutheran, na ano mang bagay na kontra dun ay mali na agad!

174 Ngayon ang ibig nga ng Diyos ay isang tao na nababalutan sa Salita. Na anumang bagay na kontra Roon ay mali! Sabi ni Jesus, “Hayan ang bawat salita ng tao ay kasinungalingan, at ang Akin ang Katotohanan.”

175 May isang lalaki nga noon sa panahon na talagang maka-siyentipiko ang panahon, na nagngangalang Noe. Hindi niya ikinahihiya ang Salita ng Diyos. Kinatagpo siya ng Diyos, at nakipag-usap ang Diyos sa kanya. Batid niya na Diyos talaga ’yun. At sabi ng Diyos, “Uulan!” Ni hindi pa nga umuulan noon kahit kailan, pero nanampalataya siya na uulan talaga. At



'yung pananampalataya na tinaglay niya, hindi niya ikinahiya na ipakita 'yun. Inabot siya ng sandaan at dalawampung taon para itayo ang daong, sa panahong laban sa kanya ang buong mundo. Hindi niya ikinahiya ang Salita ng Diyos, sa panahon niya. Iniligtas siya ng Diyos at pati ang kanyang sambahayan, dahil dun. Mangyari ngang . . . Ang bagay na 'yun ay tila ba mukhang kabaliwan sa ibang tao; pero, para sa kanya, kanyang nakatagpo talaga ang Diyos. Gaano pang kasiyentipiko 'yung kabilang panig dun, na sumasalungat, gaano pang sabihin na "hindi 'yan mangyayari, hindi 'yan mangyayari," nakatagpo niya talaga ang Diyos!

<sup>176</sup> Ganyan nga ang magiging kalagayan kapag alam mo na inyo nga Siyang nakausap na! Iisipin n'yo na isang kahibangan kapag may . . . Haya't, alam ko na kakaunti lamang sa mundo ang nanghahawakan sa sinasabi ko rito na Katotohanan. Ang tumayo rito't sabihin, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON, ako'y pupunta ng Arizona, doon ay makakatagpo ko ang pitong Anghel sa isang kalumpon," buweno, may kaunting grupo lang ng mga kalalakhian ang nakatayo roon noon para makita itong nagaganap. Nung isang gabi, sinabi ko 'yun, "Ang Los Angeles ay lulubog sa karagatan." Pero kapag nakatagpo n'yo talaga ang Diyos, at ang Diyos na ito na di nabibigo, ang Diyos na Kanya talagang saktong tinutupad ang sinabi Niya na gagawin Niya, na Kanyang dati nang ginagawa sa tuwina, hinding-hindi n'yo 'yun ikahihiya. Hindi ka nga aatras at ikahihiya ang bagay na 'yun; magagawa mong ipagsabi sa buong mundo. Kapag nakatagpo ng isang tao ang Diyos, makikipag-usap sa Kanya, at ang realidad ng Diyos ay magiging tunay sa kanyang puso, hindi nga niya Ito ikahihiya.

<sup>177</sup> Hindi nga nahiya si Noe. Mukhang kahibangan sa tingin ng iba pa sa mundo, pero hindi sa kanya.

<sup>178</sup> Si Moises, nung nasa harapan siya noon ni Faraon, hindi nga siya nahiyang sabihin sa Faraon na ang mga bagay-bagay na ito ay mangyayari, dahil nakatagpo niya ang Diyos. Sinabi nga sa kanya ng Diyos, doon sa may nagniningas na kahoy. Sabi ni Moises, "Ako'y—ako'y kimi mangusap." Yun nga ang dipirensya niya, may pagkautal siya sa pagsasalita.

<sup>179</sup> Sabi Niya, "Hayan nga si Aaron. Ika'y magiging Diyos sa kanya, at siya'y magiging propeta naman sa iyo. Alam ko na nakapagsasalita siya nang mabuti. Pero Ako nga'y sasaiyong bibig. Sino bang maylikha sa tao para makapagsalita?" Amen. Gustung-gusto ko 'yun. Hayan ang Diyos nga. "Sino ang may gawa sa tao na bingi o pipi, o sino ang may gawa sa tao para ito'y makapagsalita?" Ang Diyos nga.

Sabi niya, "Panginoon, ipakita Mo ang kaluwalhatian Mo."

Sabi, "Ano 'yang hawak-hawak mo sa kamay mo?"

Sabi niya, "Isang tungkod."

180 Sabi, “Ihagis mo sa lupa,” naging ahas ’yun. Sabi, “Pulutin mo uli,” naging tungkod uli. Amen. Siya’y Diyos. “Ipasok mo ang iyong kamay sa sinapupunan mo.” Ipinasok niya, inilabas, namuti ito na parang niyebe. Sabi, “Ipasok mo’t ilabas uli,” at naging katulad na nung isang kamay. “Ako’y Diyos.”

181 Pagkatapos lumakad siya sa harapan ni Faraon at sinabi ang ibinilin Niya sa kanya na sabihin. Sabi niya, “Mangyayari ang *ganito* at *ganito*.” Pumulot ng buhangin at inihagis sa ere, at nagsabi, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON, lilitaw ang mga kuto sa lupa,” at nagsilitawan ang mga kuto. Kumuha ng tubig at ibinuhos sa ilog, at nagsabi, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON,” at ang buong ilog at lahat ay naging dugo. Tumawag ng yelong-ulan na bumaba mula sa langit.

182 Alam n’yo ba, na sa huling mga araw na ito’y magkakaroon uli ng mga salot. At alalahanin n’yo, ang isang mangangalunya, sa panahon noon sa Biblia, ang parusa niya ay kamatayan sa pamamagitan ng pamamato. At ang di-nananampalatayang iglesya’y babatuhin hanggang mamatay, sa pamamagitan ng yelong-ulan, na siyang paraan ng Diyos ng pagpataw ng parusa noon. Babatuhin Niya ang di-nananampalatayang sanlibutan, ang mapangalunyang henerasyon na ito. Kanyang babatuhin mula sa langit, sa pamamagitan ng yelong-ulan na simbibigat ng isang talento ang bawat isa, na tumitimbang ng sandaang libra. Mamamatay ang mapangalunyang iglesya, mamamatay ang mapangalunyang sanlibutang ito sa ilalim ng kaparusahan ng Diyos, sa ilalim ng pamamato, gaya ng ginawa Niya noon sa pasimula. Kayo’y tumuwid na sa Diyos, iglesya! Yan nga ang bagay na dapat nating gawin, manumbalik sa Diyos!

183 Ang matanda’t marungis ang mukha, na ubanin na ang mga balbas, na kalbo na’t, patpatin na ang mga brasong, otsenta’y anyos na si Elias na nakatayo roon sa ilang, nakatanaw sa mga pagkakasala ng mga tao. Nagsalita ang Diyos sa kanya isang umaga, sabi, “Bumaba ka roon at sabihin kay Ahab na wala ni isang hamog ang bababa mula sa langit hangga’t sabihin mo.”

184 Nakikinita ko ang kanyang mumunti’t matatandang mga mata na nakatanaw nang paganoon sa ilalim ng marungis na ubaning balbas niya roon, may tungkod sa kamay, naglalakad sa daan na parang isang labing-anim na taong batang lalaki. Lumakad sa harapan mismo ng hari, at nagsabi, “Wala ni isang hamog ang bababa mula sa langit hangga’t sabihin ko.” Hindi niya ikinahiya ang Diyos o ang Kanyang Salita; sa hari man ito sinabi o sa kung sinupaman. Hindi siya nahiya. Hindi niya ’yun pinangilagan, na sinabi, “Ngayon, Ahab, ika’y magiging. . .”

185 Naiisip ko nga riyan ang isang bagay na katulad sa atin. Na masasabi ko sa mga tao, “Humahantong ako sa punto, na kailangan ko ng mas dagdag pang pananampalataya.” Yan ang

dahilan kung bakit umuwi ako ngayon ang makakuha ng—ng bagong bugso ng pananampalataya.

<sup>186</sup> Mangyari ngang, ang siste pa'y, kapag nananalangin kayo para sa mga tao, kayo pa ang nangingilag, “G. Diyablo, maaari bang umalis ka’t hayaan sana ako na...?” Talagang walang mangyayari! Ang pananampalataya’y maskulado’t, may buhok-buhok sa kanyang dibdib. Na kapag nagsasalita siya, ang lahat ay nananahimik. Huwag kayong hahayo na mistula bang, “G. Diyablo, maaari ka bang mag-ibang puwesto?”

<sup>187</sup> “Lumayas ka! Ako’y anak ng Diyos, inatasan ng Diyos. Layasan mo sila!” Talagang aalis ’yun. Di mo kailangang pang-ilagan ang diyablo, wala kang dapat tanawin sa kanya. Huwag mong ikahiya ang Salita ng Diyos, huwag mong ikahiya ang iniatas sa iyo, huwag nating ikahiya kung sino tayo.

<sup>188</sup> Ang bagay na kahiya-hiya sa akin, ay isa akong Branham, ’yun po ang kapanganakan ko rito sa lupa. Hiyang-hiya ako sa aking mga kabiguan.

<sup>189</sup> Pero bilang lingkod Niya, hindi ko ikinahihiya! Hindi ko ikinahihiya ang Kanyang Salita. Maging sa harap man ng mga denominasyon, mga hari, mga makapangyarihan, o anupaman sila; handa akong tumugon, kung tatawag ang Diyos.

<sup>190</sup> Lumakad si Moises sa harapan ni Faraon. Di siya nahiya na sabihin sa kanya na hindi sila makiki kompromiso na sasang-ayunan na lang ’yung inaalok niyang *ilang-araw* sa ilang.

Sabi niya, “Ang ilan sa mga kababaihan n’yo ay manatili, kasama ng inyong mga anak.”

<sup>191</sup> Sabi, “Magpupunta kaming lahat! Ni isang paa ng baka ay hindi kami mag-iiwan, dadalhin naming lahat ang bakahan namin at lahat na.” Hindi nga niya ikinahiya. Bakit? Pumasok siya sa Liwanag ng pagliligtas.

<sup>192</sup> Yan ang dahilan kung bakit ang isang lalaki o isang babae, maysakit man o anuman, kapag siya’y minsang nakapasok na sa Presensya ng Diyos, at napagkilala na pinagaling na sila ng Diyos, kayo nga’y humahakbang na n’yan papasok sa Liwanag ng pagliligtas. Di kayo nakiki kompromiso sa kung anuman.

<sup>193</sup> Ang pagliligtas ay pumasok na sa kanyang puso, dahil nakatagpo niya ang Diyos Na nagsabi, “Ako ang Diyos ni Abraham, Na nagbigay kay Abraham ng pangako. At ang oras, oras ng pagtutubos, ng pagliligtas, ay malapit na. Ika’y Aking isinusugo sa dakong iyon para gapiin sila.” Ano bang dapat niyang ipagpaumanhin, diyan?

<sup>194</sup> Maaari ngang ipapatay siya ni Faraon. Isa lang siyang tao. Isa siyang alipin. Maaari nga niyang ipapatay siya. Pero hindi nga niya ikinahiya ang Salita. Hindi siya nagpunta dun at lumuhod at nagmakaawa kay Faraon na ganito-ganoon. Ang sabi niya, “Nagpunta ako rito para ilabas sila.”

Sabi ni Faraon, “Buweno, hindi mo puwedeng ilabas sila!”

<sup>195</sup> Sabi niya, “Sige, kung ganoon lilitaw ang mga kuto sa lupa, na sa dami’y kakailanganin mong sumuong sa kanila.” At ’yun nga ang nangyari.

Sabi, “Oh, Moises, alisin mo sila!”

Sabi, “Sige. Ngayon ba’y nagsisisi ka na?”

Sabi, “Buweno, puwede na kayong magpunta sa ilang ng *ilang-araw*.”

<sup>196</sup> Sabi niya, “Kung ganyan lang din ay lilitaw ang mga bangaw.” Amen. Sabi, “Babalot ang kadiliman.” Sobrang dilim nga na hindi mo makita ang isang lugar sa isa pa.

<sup>197</sup> At nung huli’y dumating ang kamatayan. Mula kay Faraon hanggang sa pinaka alipin, dumating ang kamatayan sa pinaka matandang anak sa pamilya. Ni hindi nga nagpaumanhin sa kahit kanino. Siya nga’y anak ni Abraham, ipinanganak sa Espiritu ng Diyos, binigyan ng atas ng Diyos, ang Mensahe ng Diyos, na magtungo roon at ilabas ang bayan na ’yun doon.

<sup>198</sup> Buweno, hindi ba’t may ganoon pa ring kakayahan ang Diyos mapasa panahong ito, na ilabas ang Nobya sa iglesya? [Sinasaki ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Si Daniel ay di nga, o . . .

<sup>199</sup> Si David, ang ibig kong sabihin, siya’y di natakot sa harap ni Saul. Noong mga sandaling ’yun na natatakot ang lahat kay Goliath sa dakong ’yun, hindi siya natakot na lumakad dun. At ang sabi pa’y, “Ang iyong lingkod . . .” Ang munti’t patpating binatilyong ito’y nagsabi, “Ang iyong lingkod ay nagpapastol noon ng tupa ng kanyang tatay, at may oso na sumulpot dun at tinangay ang isa sa kanila. Tinugis ko siya sa ilang at pinatay siya, gamit ang tirador na ito. Yung leon din na sumulpot.” Oh, grabe! “May leon na sumulpot at tinangay ang isa sa kanila, at tumakbo sa ilang, at napatumba ko siya gamit ang tirador na ito. Noong bumangon siya, pinatay ko siya.” Sabi niya, “At ang Diyos . . .” Nakatayo nga dun ang haring ’yun na tumalikwas sa pananampalataya, at ’yung mga pahapay-hapay na mga kawal dun na nag-aangking naglilingkod daw sila sa Diyos ng Langit, at samantalang hinahayaan lang ang di-tuling Filisteong ’yun na tumayo roon at hamakin ang hukbo ng buhay na Diyos. Sabi, “Ang iyong lingkod ding ito’y papatayin siya. Dahil, ang Diyos na nagbigay sa leon at sa oso sa akin, ay ibibigay rin ang di-tuling Filisteong ’yan.” Hindi siya nautal, hindi niya sinabi, “*siguro* magagawa.” Ang sinabi niya, “Tiyak na magagawa!” Hindi niya ikinahiya.

<sup>200</sup> Si Daniel, sa harapan ng hari, di siya natakot na sumuway sa utos ng hari na walang kahit sinong puwedeng manalangin, sa hari lamang. Binuksan niya ang mga bintana niya’t nagtali ng pamigkis, at nanalangin nang tatlong beses sa isang araw. Hindi siya natakot.

201 Sina Sadrach, Mesach, at Abednego, hindi sila natakot sa nagliliyab na hurnong 'yun. Sabi, "Ang Diyos namin ay may kakayahang iligtas kami. Ililigtas kami ng Diyos. Haya't kung sinabi Niyang hindi, ay di talaga kami yuyuko sa imahe mo." Hindi nga nila ikinahiya. Hindi, nga. Hindi, nga. Tunay na di nila 'yun ikinahiya, dahil may kabatiran sila.

202 Si Samson nga'y di nahiya sa harap ng mga Filisteo. Nung ang sanlibo sa kanila'y pasugod na tumakbo sa kanya, pinulot niya 'yung panga ng asno. At 'yung mga turbante nila, na nasa isang pulgada ang kapal, na gawa sa tanso. Pinaghahampas niya ang sanlibong naroon gamit 'yun, at hanggang sa huli'y hawak pa rin niya sa kamay niya ang panga. Di niya ikinahiya. Pinulot lang niya kung anong mahahawakan niya sa kanyang kamay, at lumaban na 'yun ang gamit-gamit. Alam niya na ang Espiritu ng Diyos ay nasa kanya. Alam niya na ipinanganak siya na isang Nazareo. Alam niya na walang kahit anong bagay ang makahahadlang sa kanya. Isa kasi siyang lingkod ng Diyos. Hangga't nasa kalooban siya ng Diyos, walang kahit ano ang makahahambalang sa kanyang daraanan, kahit na gaano pang karaming hari o mga Filisteo, o anuman na susulpot. Siyanga.

203 Hindi ikinahiya ni Juan ang Salita ng Diyos na dumating sa kanya sa ilang, at nagsabi sa kanya na magbautismo sa tubig. Hindi niya ikinahiyang sabihin, "Narito ang Cordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan," dahil ang Espiritu ng Diyos ay sumasa kanya. Hindi siya nahiya sa harap man ng mga saserdote.

204 Hindi nga niya ikinahiya ang Salita ng Diyos nung lumapit siya kay Herodes. Yung asawa nung isang Felipe'y namamahay kasama si Herodes. Lumakad siya roon sa harap ng hari! Itong lalaking ito na matanda't namumuti ang balbas sa mukha na nanggaling pa ng ilang, haya't lumantad dun, na walang pinag-aralan o kahit ano, at tapos lalakad sa mismong harapan ni Herodes, at ang sabi, "Hindi nararapat sa iyo na makisama sa babaing ito!" Hindi niya ikinahiya ang Salita ng Diyos. Tama. Ganap na hindi niya ikinahiya Ito.

Si Esteban, hindi niya ikinahiya ang Salita ng Diyos.

205 Nung una, ang mga pentecostal sa dakong 'yun noon nung Araw ng Pentecostes, nung magtipon-tipon sila sa silid sa itaas, ang Espiritu Santo'y bumaba nga sa kanila, dahil sa pangako ng Diyos. Sabi sa Lucas 24:49:

*... narito, ipadadala ko sa inyo ang pangako ng aking Ama: datapuwa't magsipaghintay kayo... sa bayan ng Jerusalem, hanggang sa kayo'y magsitanggap ng kapangyarihan galing sa itaas.*

206 At hayan nga't ang pinaka pangako ng Salita ng Diyos na ipinangako sa kanila, "Narito, ipadadala Ko sa inyo ang pangako ng Aking Ama, datapuwa't magsipangatili kayo roon;

huwag kayong magdadagdag sa sarili n'yo ng teolohiya o mga edukasyon, at kung anu-ano pa, bagkus magsipaghintay kayo hanggang sa masangkapan kayo ng Kapangyarihan.” At nung dumating na nga ang Kapangyarihang 'yun na nanggagaling sa Langit, na katulad sa isang humahagibis na hanging malakas, di nga nila ikinahiya ang Ebanghelyo.

207 Tumindig si Pedro, sabi, “Mangagsisi kayo, bawat isa sa inyo. Kayong mga kalalakihan, na may masasamang kamay, na ipinako n'yo sa krus ang Pangulo ng Kapayapaan, na ibinangon ng Diyos mula sa mga patay. At kami'y saksi. Dahil ito nga ang sinalita ni Joel na mangyayari sa huling mga araw, 'Aking ibubuhos ang Aking Espiritu sa lahat ng laman.’” Hindi niya ikinahiya ang Ebanghelyo.

208 Si munting Esteban, gaya ng nabanggit ko kanina mga ilang minuto ang nakakaraan, nung humayo siya sa dakong 'yun na parang isang—isang—isang ipo-ipo. Di nga siya isang mangangaral. Isa lamang siyang diyakono, pero nagpatotoo siya saanmang dako patungkol sa pagkabuhay na mag-uli. Kanyang nakatagpo ang Diyos. At kung sa ano nga'y . . .

209 Susubukan n'yong pigilan siya? Buweno, parang pinipilit n'yong apulahin ang isang—isang bahay, isang nagliliyab na bahay, pinipilit apulahin, sa isang mahangin na araw, na tuyo ang klima. Aba'y, sa bawat ihip ng hangin, ay magliliyab lang nang magliliyab ito ng panibagong apoy.

210 Sapilitang hinatak nila siya sa harapan ng Konsehong Sanedrin. Alam n'yo ba kung ano 'yun? Para 'yung Konsehong Ekumenikal. Lahat ng relihiyon ay talagang patungo, sa ilalim ng Konsehong Ekumenikal. Lahat sila'y napasailalim noon sa Konsehong Sanedrin. Mga Fariseo, Mga Saduceo, maging mga Herodian, anupaman sila dun, sila'y napasailalim sa konsehong 'yun. At dinukot nila siya't, hindi lang basta isang organisasyon 'yun na naroon, kundi isang malaking kalipunan na konseho na sapilitang dinala siya roon. “Aatayin siya sa pananakot namin sa kanya.”

211 Nung lumakad siya roon, nung umagang 'yun, ang sabi ng Biblia ang kanyang mukha ay nagmistulang parang sa Anghel. Sabi niya, “Mga kalalakihan at mga kapatid, hayaan n'yong makapagsalita ako sa inyo. Ang ating mga magulang noon ay nakapanahan sa Mesopotamia bago sila tumahan sa Haran,” at kung ano pa. Tuluy-tuloy nga siya't binibitiwan sila ng mga Kasulatan. Pagkatapos nung talagang mapupuspos na siya, dumating sa kanya ang Espiritu, ang sabi niya, “Kayo na mga matitigas ang ulo't, mga di-tuli ang puso't mga tainga, lagi ninyong tinututulan ang Espiritu Santo; kung paanong ganoon ang ginagawa ng inyong mga magulang, ay gayon din kayo.” Di nga niya ikinahiya ang Ebanghelyo, di ikinahiya ang Salita. Di siya nahiya sa harapan ng Konsehong Sanedrin. Hindi nga.

212 Sinabi ni Pablo sa harap ni Agripa. Hayan nga't isa siyang Judio, tinuruan sa ilalim ni Gamaliel, isang dignitaryo siyang maituturing. Pero isang araw, sa daan patungong Damasco, siya'y pumasok sa Presensya, nakaugnay ang Diyos. Isang Anghel ang bumaba mula sa Langit, sa anyo ng Haliging Apoy, isang Liwanag na tumama sa kanya't pinasubasob siya sa lupa. Tumingala siya, at sabi, "Panginoon, Sino Ka baga?"

At ang sabi Niya, "Ako si Jesus."

213 Tumayo sa harap ni Agripa, isinaysay niya ang kaganapang 'yun uli. Ang sabi niya, "Hindi ko ikinahihiya ang Ebanghelyo ni Jesus Cristo, dahil Ito ang Kapangyarihan ng Diyos patungo sa kaligtasan, sa sinuman na sasampalataya." Siyanga.

214 Ngayon, mga kaibigan, marami pang tauhan ang puwede nating tugaygayin, sa bawat kapanahunan, pero lampas na po tayo sa oras.

215 Pero hayaan n'yong sabihin ko ito sa inyo. Ang isang tao na nagkaroon kahit minsan ng kaugnayan sa Diyos, na siyang Salita, at ang Salita ay pinaging malinaw at inihayag sa kanya, wala ngang dapat ikahiya sa bagay na iyan. Di mo ikahihiya. Di ko nga ikahihiya na sabihin ko na nananampalataya ako sa bawat Salita ng Diyos. Di ko ikinahihiya sa tuwing sasabihin sa akin ng Panginoon na sabihin ang isang bagay, humayo at ipagsabi ito at gawin ito; di ko ikahihiya na sabihin na ako'y puspos ng Espiritu Santo; di ko ikahihiya na sabihin na ako'y nakapagsasalita sa iba't ibang wika; di ko nga ikinahihiya na sabihin na ang Panginoon natin ay nagpapakita sa akin ng mga pangitain; di ko nga ikahihiya na sabihing Siya'y siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

216 "Kung kayo'y dadalhin sa harap ng mga namiminuno at mga hari, dahil sa Aking Pangalan, huwag ninyong ikabalisa kung ano ang inyong sasabihin, sapagkat ito'y ipagkakaloob sa inyo sa oras na iyon. Hindi kayo ang mangagsasalita, kundi ang Aking Ama na sumasa inyo. Subalit sinumang magkahiya sa Akin at sa Aking Salita, sa henerasyon na ito, siya'y Aking ikahihiya sa harap ng Aking Ama at mga banal na Anghel." Tulungan nawa tayo ng Diyos na hindi magmakahiya, bagkus tulungan tayo na maging buhay na patotoo.

217 Bawat isa sa Lumang Tipan, kapag dumarating sila na mga propeta roon, sila'y nagiging—sila'y nagiging buhay na Salita. Sila ang Salita. Sinabi ng Diyos na sila'y tinawag na mga diyos, at sila nga, dahil ang Salita ng Diyos ay dumating sa kanila. Sasabihin nila, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON."

218 At bawat sumusunod kay Cristo na nakalapit at nakaugnay Siya sa pagtutubos, at ang kaligtasa'y dumating na sa kanyang puso, siya nga'y tagapagmay-ari ng Diyos. At ano ngang uri ng buhay ang dapat nating ipamuhay, at papaano nga ba dapat tayo lalakad, at papaano ba dapat tayo magsasalita, kung ang Diyos

ay kinakatawan na ang Kanyang Sarili sa pamamagitan ng ating sariling mga mortal na katawan? Sino pa bang magmamakahiya sa ganyan?

219 Kung ako nga'y magpupunta sa isang lugar na ako'y kasapi ng kapulisan dito sa Jeffersonville, na magpapatrol ako rito sa kalsada, kalakip ang lahat ng kapamahalaan, di ako mahihiya sa siyudad dito. Ako'y may bahagi kasi sa siyudad. Ako'y pulis, may bahagi sa siyudad, para panatilihin ang kaayusan at katahimikan. Kung may isang tao nga na magpapatakbo pa rin kahit pula na ang ilaw, hindi ako mahihiya na sabihin sa kanya na nagkamali siya, bibigyan ko ng tiket. Yun ang tungkulin ko kasi, dahil ako'y—ako'y sinusuwelduhan ng siyudad. Galing sa siyudad ang aking ikinabubuhay. Galing sa siyudad ang aking kapamahalaan. Kahit na lasing pa 'yung lalaki, o anuman siya, kanilang kakatigan ako. Titindigan ko ang kinatatayuan ko, dahil ako'y isang pulis at tina- . . . Tinalaga ako, o inilagay rito at binigyan ng kapamahalaan para gawin ito. Nararapat lang na ipatupad mo ang batas at mga karapatan, at mga bagay, at tingnan kung ito ba'y nagagawa nang wasto.

220 Kaya naman, kung ako'y isang Cristiano at napuspos na ng Espiritu, suot-suot ang patotoo ng pagkabuhay na mag-uli ni Jesus Cristo, na Siya'y siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman, huwag n'yong hahayaan na ipagtulakan lang kayo ng diyablo, sasabihin, "Huwag n'yong gawin *ito* at huwag n'yong gawin *iyon*." Dapat mo ngang gawin Ito. Binigyan na kayo ng Diyos ng . . .

221 Kita n'yo, wala tayong kapangyarihan. Ang pulis ay walang kapangyarihan na patigilin ang isang kotse. Nasa halos ano 'yun . . . nasa halos tatlo o apatnaraang horsepower ang motor ng mga 'yun, ano ngang magagawa niya roon? Pero siya nga'y may kapamahalaan.

222 At ganyan nga ang Iglesia. May kapamahalaan tayo, sa pamamagitan ng pagkabuhay na mag-uli ni Jesus Cristo at ng Kanyang ipinangakong Salita, hallelujah, "Ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din ninyo naman; at mas marami pa ang inyong gagawin, sapagkat Ako'y paroroon sa Ama."

223 Huwag n'yo pong ikahihiya Siya sa henerasyon na ito; makasalanan, nagugulumihanan, huling henerasyon na pasasa mundong ito, henerasyong ito na makasalanan, mapangalunya, at tadtad ng nabubulok na mga sugat. Lahat, lahat ng bagay na disente ay nagiging hindi na disente ngayon. Ang politika sa bansa, grabeng karumi! Nagkakasira na ang mga bansa.

224 Doon sa pinaka liblib na dako sa kagubatan ng Aprika, sa mga mangangaso sa safari, nagdadala pa sila ng mga radyong malalakas ang sagap para lang makapakinig kina Elvis Presley, Pat Boone, at sila na mga kalalaking 'yun sa kanilang rock-and-roll at twist. At 'yung mga katutubo, nakikita sila't gagaya



sa galaw nila, itinataas-baba ang kanilang ulo't ginagaya ang galaw nila, nakatayo roon ang mga katutubo't pinapanood sila. Pero, nakita n'yo, sila nga'y di naman mga Amerikano katulad nina Pat Boone, at Elvis Presley, at Ricky Nelson, at ganun nga sila na mga kalalakihan dun. Hindi sila ang mga tipo ni Judas, pero sila. . . Kita n'yo, espiritu kasi 'yun. At ang espiritu ay di lang sa Amerika, kumalat na ito sa buong mundo, para dalhin na sila sa pagbabaka ng Armagedon. Ganoon nga ang ikinikilos nila, maski sila'y. . . Maski ano pang bansa ang pinanggalingan nila, Aprika, India, saan pa man, 'yung mahalay at mga bagay-bagay na 'yun ay kumalat na sa buong mundo, nang dahil lang sa isang tao na nagpasimula nun.

225 Ganun din ang Ebanghelyo at ang Kapangyarihan ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat, na lumaganap sa buong mundo! At ang panahon ng paghihiwalay ay nagaganap na ngayon, sa panahong ito na ang Diyos ay tumatawag na ng Nobya, at ang diyablo ay tumatawag naman ng iglesya. Ako nawa'y maging bahagi ng Nobya!

Manalangin tayo.

226 Minamahal na Diyos, nakikita na namin ang sulat-kamay sa may pader, Panginoon. Kami'y nasa pangwakas na panahon na. Batid po namin na may mabibigat na bagay na paparating, pero sa kabila nun sa kung saang dako, sa kung saang dako sa tumpok ng kaguluhang narito, ay heto pa rin na may mga taong matatapat na itinalaga sa Buhay. Napaka imposible po para sa isang tao o dalawang tao; pero, Diyos, kung kami nga'y sama-sama, haya't palalaganapin namin sa bawat sulok sa abot ng makakaya namin, ang mabuting balita na si Jesus ay parating na, at, makikita, na sadyang lumalaganap po ang paunti-unting Tinapay sa mga dako, paunti-unting Salita. Kung saan naroon ang mga Agila, kanilang susundan ang Pagkain na 'yun. Ito ma'y sa pamamagitan ng teyp, o Ito ma'y sa pamamagitan ng salita o isang patotoo, susundan Ito ng mga Agila sa dakong himpilan Nito. Dahil Ito nga'y nasusulat, "Kung saan naroon ang sariwang Karne, ay nagkakatipon ang mga Agila." Mahal naming Jesus, alam po namin na Ikaw ang sariwang Karne na aming kinakain. Ikaw ang Salita, at ang Salita ay nagsalaman at tumahan sa kalagitnaan namin. Dalangin namin, Diyos, na habang amin pong pinalalaganap ang Salita, ay mangyaring ang mga tunay na Agila'y mahanap nila Ito.

227 Huwag naming ikahiya habang tumatayo kami sa harap ng mga tao, masasama't, mapagsawalang-bahala na mga tao, mga relihiyoso, anupaman. Gaya ng sinabi ni Pablo kay Timoteo:

*. . . Tayo'y magsikap sa kapanahunan, at sa di kapanahunan; sumawata, at sumaway, at. . . nang may buong pagpapahinuhod at pagtuturo.*

*Sapagka't darating ang panahon na hindi na nila titiisin ang magaling na aral; kundi ayon sa kanilang sariling mga masasamang pita . . . ay magsisipagbunton sila sa kanilang sarili ng mga guro, sa pagkakaroon nila ng kati ng tainga;*

*At magsisibaling mula . . . sa katotohanan, . . . tungo sa mga katha.*

228 Diyos, kami po'y nabubuhay na sa panahong 'yun. Iyo pong itinulot na mabuhay ako nang mahaba-haba para makita ito na nangyayari. Kung paanong, ito'y nakalagak dito sa panulukang bato ng tabernakulong ito ngayon, mula pa nung tatlumpu't tatlong taon na ang nakararaan.

229 Diyos, Iyo pong pagpalain ang bawat isang narito. Kung may isa po rito, Panginoon, na hindi pa nakahanda para Ika'y katagpuin, na sila'y hindi nga makasang-ayon sa Iyong Salita, at sila'y hindi Ka pa nakakatagpo nang harap-harapan at di nalalaman na Ika'y di lang sa pamamagitan ng pakitang-kilos lamang ng kung anong—kung anong klaseng pagtanggap, gaya ng ginagawa ng mga tao sa kredo o kung anong bagay, kundi pagkatagpo talaga sa buhay na Diyos mismo; kung di pa nila ito nagagawa, Panginoon, nawa'y gawin na nila ito ngayon.

230 Ako'y—ako'y sumasampalataya na Ikaw ay—Ikaw ay tunay na narito talaga sa oras na ito. Di ko po sila nakikilala. Di ko po rin talaga alam kung mayroon ba rito sa dakong ito, pero dama ko po talaga na may pangunguna sa akin na manalangin po sa Iyo. Hindi dahil sa pinakikinggan ako ng mga tao, dahil isa 'yung mapagpaimbabaw na gawain. Huwag nawang itulot ng Diyos. Ayaw ko pong maging mapagpaimbabaw. Bagkus ako'y dumadalangin nang may buong katapatan sa aking puso, Panginoon.

231 Sinuman po siya na lalaki o babae na pinangusapan Mo sa umagang ito, nawa'y may kababaang loob nilang di maikahiya, bagkus sa kaibuturan ng kanilang puso ay tanggapin Ka nila ngayon, dudulog mamayang gabi rito at magpapabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, susunod sa bawat Salita, sa bawat Salita mismo; kung sila'y nabautismuhan sa ibang bautismo, o winisikan lang, binuhusan. Nagugunita (namin, Panginoon) na Iyong sinabi, "Ang sinumang mag-alis ng isang Salita sa Aklat na ito, magdagdag ng isang salita Rito, ang kanyang bahagi ay aalisin sa Aklat ng Buhay." Subukan man niya, pupunta't, ilalagay niya ang pangalan niya sa aklat, hindi 'yun—hindi 'yun uubra. Iyo pong itulot na kami'y maging tapat at mababa ang loob.

232 Ngayon sila po'y nasa Iyong mga kamay, Panginoon. Iyo pong gawin sa kanila ang nakikita Mong nararapat, dahil sila po'y sa Iyo. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos.

233 Ngayon habang nakayuko ang ating mga ulo, gusto ko pong pagbulayan n'yo ito nang may kataimtiman ngayon. Ako po'y humihingi ng paumanhin, una sa lahat, dahil sumobra ako ng labing-limang minuto. Ngayon nagnanais tayong ihiging ito. At pagbulayan n'yo po ito sa inyong puso ngayon, "Akin na nga bang nakatagpo talaga ang Diyos?" Pagbulayan n'yo po 'yan nang may tunay na katapatan ngayon. Dahil, di na po marami ang pagkakataon hanggang sa marahil. . . Marahil ito na ang pinaka huling pagkakataon, na tayo'y magkakatao-tagpo bago ang Kanyang Pagparito. Malapit na talaga, mga kaibigan. Bawat isa sa Kasulatan, hayan po, ay natutupad na talaga. At ito nga, para sa inyo o sa akin, marahil ito na talaga ang pinaka huling pagkakataon. Marahil lilisan na tayo bago mag-gabi.

I'll go with Him, with Him all the way.

I can hear, "Inyo bang ikinahihiya Ako at ang Aking Salita?"

I can hear my Saviour. . .

234 Ngayon isipin n'yo po na kayo'y nakaratay na sa higaan na inyong kamamatayan ngayon. "Can hear. . ." Sa oras na 'yun ay huli na talaga, pero hindi pa ngayon.

"Take thy cross, and," ngayon na mismo ang pagsasakripisyo, "follow Me."

Ngayon, sa inyong puso, tumugon kayo rito:

I'll go with Him through the garden,

I'll go with Him through the garden,

I'll go with Him through the garden,

I'll go with Him, with Him all. . .

235 Ngayon habang nakayuko ang ating mga ulo, itaas po natin ang ating mga kamay at sabihin:

I'll go with Him through the judgment,

Ngayon, 'yan na 'yan mismo ang nangyayari ngayon, Kanya tayong hinahatulan.

I'll go. . .

Panginoon, ako po ba'y Iyong nasumpungan na nagkasala? Kung ganoon, Iyo po akong patawarin.

. . . through His judgment,

Ano po ang Iyong hatol sa akin sa umagang ito, Panginoon?

. . . with Him through His judg-. . .

Siyasatin Mo po ako, Panginoon, tingnan kung may ano pa mang maduming bagay sa akin.

. . . with Him, with Him all the way.

236 Ama, Ika'y aming pinasasalamatan sa umagang ito para sa lahat ng mga kamay na ito. Wala po akong nakikita ni isa man na anupa't lahat sila'y nakataas ang mga kamay. Akin Kang

pinasasalamatan, Panginoon. Ako—ako po’y umaasa na Ikaw ma’y walang makita, Panginoon. Wala po ni isa ang di nagtaas ng kanilang kamay, sila po’y handa nang dumulog sa paghatol. Iyo pong hatulan kami, Panginoon. At kung may bagay man na mali, Iyo pong patawarin kami sa bagay na ito, Ama. Iyo pong ipagkaloob sa amin ang Iyong habag, sapagkat hindi po namin ibig na katagpuin ang Iyong paghatol na walang habag na narito. Kaya naman, heto po ang habag na narito ngayon, kaya kami’y dumadalangin, Diyos, na kami’y hatulan at patawarin Mo sampu ng aming mga pagkakasala, ayon sa Iyong Salita at Iyong pangako. At Iyong itulot na makapamuhay kami para sa Iyo sa lahat ng natitira pa naming buhay, nang di ikinahihiya ang Ebanghelyo.

<sup>237</sup> Ngayon, Ama, kung ito po’y Iyong kalooban, kami po’y magpapasimula ng tatlong diretsong Linggo ngayon, ng mga pagtitipon. Iyo pong ihanda ang aming mga puso para rito, Panginoon. Iyo pong ihanda ako, Oh Diyos. Ako po ang siyang nakatayo rito na tunay na nangangailangan talaga sa Iyo. Akin pong dalangin na ako’y Iyong gagabayan at ituturo ako sa mga bagay na aking dapat gawin at sabihin, sa mga araw na ito na parating.

<sup>238</sup> Iyo pong gabayan at patnubayan ang pinaka mamahal naming Kapatid na Neville, ang masigasig na lingkod Mong ito, Panginoon; at ganoon din po sina Kapatid na Mann, at ang mga diyakono sa iglesya, at ang mga katiwala, at maging ang bawat isa na nagkakatipon sa dakong ito.

<sup>239</sup> Iyo pong ihanda kami, Panginoon, nang sa gayon magawa po namin, sa isang—isang Cristianong paraan, na makaakay ng mga makasalanan sa Iyo, at maidako ang mga miyembro ng iglesya sa isang pagkakilala sa Diyos na aming kinikilala, na amin nang nakatagpo nang personal, na Siya’y maging Diyos nila, rin. Ngayon, Ama, itong bagay na ito’y di namin kayang gawin, di namin kayang papasukin sila. Pero Ikaw, Espiritu Santo, ang kumilos nawa sa mga tao, sa mga miyembro ng mga iglesya.

<sup>240</sup> At gaya ng munting karanasan ko sa Iyong piling nung isang umaga, “Humayo ka’t kumuha para sa Aking Anak ng Nobya. Kumuha ka mula sa mga kamag-anakan, mula sa mga kaiglesyahan. Hatakin mo palabas ang Nobya na ’yun.” Iyong itulot po, sa pananalangin ngayon, Panginoon. Iyong ihatid ang Rebekah; sisikapin kong maging Eliezer. Iyo pong tulungan ako na maging tapat na lingkod. At nawa ang Diyos ng Kalangitan ay magpadala ng Kanyang Anghel sa unahan ko, sa mismong harapan namin, nang sa gayon aming makuha ang mga bagay-bagay nang sama-sama at mapili ang Nobya na Kanyang pinili. Amin pong hinihiling ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

<sup>241</sup> Ngayon, humihingi po ako ng paumanhin kung napatagal ko kayo nang kaunti. Dalawampu’t lima na ang lumipas. Dapat

wala na ako rito, dalawampu't limang minuto ang nakararaan. Pero, ngayon, gusto n'yo ba 'yung lumang awiting 'yun, "Take The Name Of Jesus With You"? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Hindi po ba't napaka ganda nun? Lagi ko pong pinapaawit 'yang awiting 'yan nang magtatatumpu't tatlong taon na, bilang pagtatapos na awitin. Bautismo sa tubig, "On Jordan's stormy banks I stand." At sa tingin ko'y napaka ganda talaga nun, "Just take It everywhere you go!"

Precious Name, O How sweet!  
 Hope . . . (Ngayon makipagkamay kayo sa mga  
 katabi n'yo.)  
 Precious Name, precious Name, O how sweet!  
 Hope of earth and joy of Heaven.

<sup>242</sup> Ngayon huwag n'yo pong kalimutan ang gawain mamayang gabi, alas siyete y media po, alas siyete y media ngayong gabi. Ngayon awitin po natin ang isang talatang ito, kita n'yo.

Take the Name of Jesus with you,  
 As a shield from every snare;  
 When temptations around you . . . (Ano ngang  
 gagawin n'yo sa oras na 'yan?)  
 Just breathe the holy Name in prayer.  
 Precious Name, O how sweet!  
 Hope on earth and joy of Heaven;  
 Precious Name, O how sweet!  
 Hope of earth and joy of Heaven.

<sup>243</sup> Mayroon po ba rito na nagpunta para mabautismuhan pagkatapos ng gawaing ito? Kung mayroon po, itaas n'yo ang inyong mga kamay. Magpapabautismo po? Dalawa, sige po, na magpapabautismo agad pagkatapos mismo ng gawaing ito. Sa iba naman sa inyo, kung mayroon nga sa inyo na nagnanais na magpabautismo, may gawain tayo ng pagbabautimo sa bawat isa sa mga gawain dito. Ang dapat n'yo lang gawin ay sabihin. Handa po kaming magbautismo sa inyo. Yan po ang tungkulin namin, ang mabautismuhan kayo sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. Tungkulin po naming gawin 'yan. At ikagagalak namin na gawin 'yan, anumang oras. Sa inyo po riyang na magpapabautismo, magpunta na agad sa mga silid, pagkatapos na pagkatapos ng gawain, at dadako na tayo pagkatapos na pagkatapos sa pagbabautismo sa tubig. Kung mayroon pa riyang na gustong sumunod sa kanila, makasisigurado kayo na narito lang kami . . . kung kayo'y nakapagsisi na sa inyong kasalanan at natanggap si Jesus bilang inyong Tagapagligtas.

<sup>244</sup> Kayo'y Cristiano na nang maraming taon, at di pa nakikita ang Liwanag, at heto na ang Liwanag ng pagliligtas na narito't dumating na. Isang babae, isang Nobya na kukunin talaga ang Pangalan! Sabi ni Jesus, "Naparito Ako sa Pangalan ng Aking Ama, at ayaw naman n'yo Akong tanggapin. Pero kung iba ang

pumarito sa kanyang sariling pangalan, ay siya naman ninyong tinatanggap,” at ’yan nga ang inyong denominasyon.


<sup>245</sup> Sinumang anak ay pumaparito sa pangalan ng kanyang ama. Ako man ay pumaparito sa pangalan ng aking ama. Kayo na mga kalalakihan ay pumaparito sa pangalan ng inyong ama.

<sup>246</sup> At anong Pangalan Niya, anong Pangalan ng Ama? Jesus! Siya’y “pumarito sa Pangalan ng Kanyang Ama, at ayaw ninyo Siyang tanggapin.” Ngayon ang Kanyang Nobya ay kukunin nga ang Kanyang Pangalan, tunay nga.

<sup>247</sup> Ako po’y nag-asawa ng isang babae, na nagnangalang Broy, at siya’y naging Branham.

<sup>248</sup> Siya’y pumaparito para sa isang Nobya, siguraduhin n’yo lang po na inaalala n’yo ’yan habang kayo’y padulong sa dako na pagbabautismuhan.

Atin na pong iyuko ang ating mga ulo ngayon.

<sup>249</sup> At si Kapatid na Vayle po rito ay hindi na iba sa atin. Isa nga siyang kalugud-lugod na kapatid, nakakasama ko siya sa maraming mga pagtitipon, siya at ang asawa niya. At siya rin ang tagasulat ng mga pangangaral dito’t mga bagay-bagay na inilalagay dun sa ginagawang aklat. Kapatid na Vayle, maaari ka bang manalangin para sa ating pag-uwi, habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo. [Nananalangin si Kapatid na Vayle—Pat.] 

*MAGMAKAHIYA* TAG65-0711  
(Ashamed)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Hulyo 11, 1965 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2018 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)